# 2

# Ang Bagong Batang Pinoy

# Filipino

## Kagamitan ng Mag-aaral

## Yunit 1

DEPED COPY

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang**
**Filipino - Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9990-66-6**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Punong Tagapangasiwa:** Luz S. Almeda, Ph. D.; **Pangalawang Tagapangasiwa:** Rizalino Jose T. Rosales; **Lider:** Victoria R. Mayo; **Manunulat:** Nilda S. D. Garcia, Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, Estela C. Cruz; **Tagapag-ambag:** Aurora E. Batnag, Ma. Fe C. Balaba, Nelly I. Datur, Avizen C. Siño, Felix Q. Casagan, Ruby E. Baniqued, Nora C. Bernabe, Maribel R. Mendoza, Kristina L. Ballaran, Rechelle M. Meron; **Editor:** Arsenia C. Lara, Amaflor C. Alde; **Kasangguni:** Angelika D. Jabines; **Tagapagtala:** Ma. Cynthia P. Orozco; **Taga-anyo:** Christopher C. Artuz, Leonor Barraquias; **Tagapag-guhit:** Bernie John E. Isip at Francischarl S. Isip

**Inilimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store, Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Dorm G, PSC Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 634 -1054 o 634 -1072 |
| E-mail Address: | imcsetd@yahoo.com |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# PAUNANG SALITA

Kumusta ka na? Binabati kita at ikaw ay nasa Ikalawang Baitang na ng iyong pag-aaral!

Ang Kagamitang ito ay sadyang inihanda para sa iyo. Ito ang magsisilbing gabay mo para sa iyong pag-aaral ng asignaturang Filipino 2. Inaasahan na sa paggamit mo nito ay magiging aktibo ka sa talakayan sa loob ng klase at maipahahayag mo nang wasto at maayos ang iyong mga personal na ideya at karanasan kaugnay ng pinag-aaralan sa klase.

Ang mga babasahin at mga gawain dito ay isinaayos at pinili upang magkaroon ka ng maunlad na kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagsulat, pagbasa, at panonood.

Ang mga aralin ay nahahati sa apat na yunit. Ito ay ang sumusunod:

Yunit I - Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya

Yunit II - Pakikipagkapwa-Tao

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Yunit III - Pagmamahal sa Bansa
Yunit IV - Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan

Sa bawat aralin, ang sumusunod na gawain ay iyong masusubukan upang higit na mapagyaman ang iyong kakayahan.

**SUBUKIN NATIN** – Sa bahaging ito malalaman natin ang kakayahan at kasanayang abot-alam mo na. Ito ay gagawin sa unang araw ng bawat aralin o linggo. Huwag kang matakot sa pagsasagot sapagkat ito ay hindi makaaapekto sa iyong grado. Nais lamang nating malaman ang dati mong kaalaman o karanasan na may kaugnayan sa pag-aaralan.

**BASAHIN NATIN** – Babasahin mo ang mga tekstong sadyang isinulat para sa iyo upang matukoy o magkaroon ka ng ideya kung ano ang pag-aaralan mo sa buong linggo. Ang mga tekstong ito ay maaaring alamat, pabula, kuwentong bayan,

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

mga pantasya o likhang isip, at mga salaysay ayon sa karanasan ng mga ibang mag-aaral. Ito ang magiging susi upang higit mong maunawaan ang mga aralin natin. Huwag kang mabahala. Laging nakaagapay ang iyong guro sa lahat ng gagawin mo.

**SAGUTIN NATIN** – Dito susubukin nating malaman kung lubos mong naunawaan ang napakinggan o nabasa mong teksto.

**PAHALAGAHAN NATIN** – Sa bahaging ito, mauunawaan natin ang kagandahang asal at pag-uugali na nais ituro sa atin ng napakinggan o nabasang teksto.

**GAWIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng iba't ibang pagsasanay kaugnay ng aralin. Maaaring ito ay kasama ng iba mong kamag-aral o maaari din namang pang-isahang gawain.

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**SANAYIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng pagkakataon na malinang lalo ang kasanayan sa napag-aralan kasama ang ibang pangkat sa pamamagitan ng mga karagdagang gawain.

**TANDAAN NATIN** – Sa bahaging ito, mababasa natin ang mga kaisipang dapat nating tandaan kaugnay ng araling tinalakay.

**LINANGIN NATIN** – Dito higit na papaunlarin ang kasanayan at kaalaman na natutunan sa natapos na aralin.

Sa pamamagitan din ng Kagamitang ito, nawa ikaw ay maging maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabayang batang Pilipino.

Isang Bagong Batang Pinoy na handa sa mga pagbabagong dala ng kapaligiran at ng makabagong teknolohiya.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

**MGA MAY AKDA**

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Talaan ng Nilalaman

**Panimula**
**Talaan ng Nilalaman**

**Yunit 1: Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya**

**Aralin 1: Kalusugan ng Pamilya ay Dapat Pangalagaan** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 2
Pagkaunawa
Magtulungan Tayo . . . . . . . . . . . . . . 2
Kumilos at Magkaisa . . . . . . . . . . . . . 3
**Aralin 2: Mahalin at Ipagmalaki ang Pamilya** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 18
Pangngalan
Maalagang Ina . . . . . . . . . . . . . . . . . 18
Ang Huwarang Pamilya . . . . . . . . . . 22
Nasaan Ka, Inay? . . . . . . . . . . . . . . . . 27
**Aralin 3: Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya** . . . . . . . . . . . . . . 34
Kategorya ng Pangngalan
Pamilya de los Reyes . . . . . . . . . . . . . 39
**Aralin 4: Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan** . . . . . . . . . . . . . . 50
Klasipikasiyon ng Pangngalan
Ang Paanyaya . . . . . . . . . . . . . . . . . . 51
Ang Halamanan ni Eden . . . . . . . . . 58
**Aralin 5: Magulang Ay Mahalaga, Dapat Inaalala** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 67
Pangngalang Pambalana at Pantangi
Sorpresa kay Nanay . . . . . . . . . . . . . 68
Dapat Mong Malaman . . . . . . . . . . 74

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Aralin 6: Pamamasyal Ay Kasiya-siya,**
**Kapag Kasama ang Pamilya** . . . . . . 83
Angkop na Pananda sa Pagtukoy
ng Pangalang Pambalana /
Pantangi
Higanteng Ferris Wheel . . . . . . . . . . . 83
**Aralin 7: Sa Oras ng Kagipitan,**
**Pamilya Ay Nandiyan Lang** . . . . . . . 99
Pangngalan Ayon sa Kasarian
(Pambabae at Panlalaki)
Kuya Ko Yata Iyan! . . . . . . . . . . . . . . 100
Nagmamadali si Sara . . . . . . . . . . . . 111
**Aralin 8: Aalagaan Ko,**
**mga Magulang Ko** . . . . . . . . . . . . . . . 115
Pangngalan Ayon sa Kasarian:
Di-Tiyak / Walang Kasarian
May Sakit si Ina . . . . . . . . . . . . . . . . . . 115
Ang Kambal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 123
**Aralin 9: Bilin ng Magulang, Laging**
**Tatandaan** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 131
Kailanan ng Pangngalan:
Isahan, Dalawahan, Maramihan
Ang Bilin ni Ina . . . . . . . . . . . . . . . . . . 131
Ang Pangarap ni Ernesto . . . . . . . . . 141

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit 1

## Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya



Lahat tayo'y kasapi ng ating pamilya
May mga tungkuling sadyang mahalaga
Kung kaya, dapat tayong makiisa
Nang tayo'y guminhawa at lumigaya.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin I: Kalusugan ng Pamilya Ay Dapat Pangalagaan




Isulat ang **Tama** o **Mali** sa sagutang papel.

1. Makikita ang pangunahing ideya sa unahan, gitna, o huling pangungusap ng teksto.
2. Maiuugnay ang sariling karanasan kung nauunawaan ang tekstong napakinggan o nabasa.
3. Ang mga salitang bata at bato ay magkasintunog.
4. Ang bulaklak at halaman ay magkasintunog.
5. Matutukoy ang kahulugan ng di-kilalang salita sa pamamagitan ng paggamit nito sa pangungusap.




**Magtulungan Tayo**

Tayo nang maglinis ng ating bakuran
Dapat alagaan, mahalin ang kalusugan
Hirap at sakit ating maiiwasan
Kung tayo ay laging nagtutulungan.

Kaya nga, kumilos bata man matanda
Huwag hintayin, sakit ay mapala
Laging isaisip, maglinis sa tuwina
Pagtutulungan ang susi para guminhawa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Kanino ipinatutungkol ang tula?
- Bakit kailangang maglinis ng paligid?
- Ano ang nais gawin ng sumulat ng tula?
- Ano ang pangunahing ideya ng tula?
- Saang bahagi ng tula makikita ang pangunahing ideya?
- Batay sa iyong karanasan, ano ang maaaring gawin upang makatulong sa kalinisan ng paligid?



## Pahalagahan Natin

Ang paglilinis ng kapaligiran ay tungkulin nating lahat nang tayo ay makaiwas sa anumang sakit.



## Gawin Natin

A. Basahin ang teksto. Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

### Kumilos at Magkaisa

Maraming patapong bagay sa ating paligid tulad ng mga basyo ng bote at plastik na nakatambak sa mga basurahan at looban ng ilang kabahayan. Ang mga lumang diyaryo at maruruming damit ay nagkalat din kung minsan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Para sa iba, ang mga ito ay basura lamang, patapon, at wala nang silbi kaya naman ang ating kapaligiran ay punong-puno ng mga kalat. Pinamumugaran tuloy ang mga ito ng mga daga at insekto.



Pinagmumulan din ang mga ito ng pagbabara ng mga daluyan ng tubig at sanhi ng pagbaha. Nakasasama rin ang ilan sa mga ito. Nagiging sanhi ito ng pagdumi at pagbaho ng hanging ating nalalanghap. Huwag na nating hintayin ang salot na idudulot ng mga basura. Panahon na para tayo ay kumilos at magkaisa.

1. Ano-anong patapong bagay ang makikita sa ating paligid?
2. Bakit ito hinahayaan ng mga tao?
3. Ano ang mangyayari kung maraming basura sa ating paligid?
4. Sino ang hinihiling na kumilos at magkaisa?
5. Ano ang pangunahing ideya ng kuwento?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED

6. Basahin ang bahagi ng kuwento na tumutukoy sa pangunahing ideya.
7. Batay sa iyong karanasan, ano ang maaari nating gawin para mabawasan ang ating basura?



## Sanayin Natin

Sa iyong pangkat, pag-usapan kung ano ang maaari pang gawin sa mga lumang bagay. Isulat sa papel ang inyong mga sagot.

Unang Pangkat – lumang diyaryo
Ikalawang Pangkat – lumang gulong
Ikatlong Pangkat – lumang damit
Ikaapat na Pangkat – basyong bote



## Tandaan Natin

Ang **teksto** ay may ipinahahayag na ideya. Nakatutulong ang pagbibigay ng pangunahing ideya upang maintindihan ang nilalaman ng narinig o binasa. Ang pangunahing ideya ay maaaring matagpuan sa pamagat, unahan, gitna, at huling bahagi ng teksto.

Nakatutulong sa pag-unawa ng pinakinggan ang pag-uugnay ng narinig sa sariling karanasan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

A. Isulat ang tsek (✓) sa sagutang papel kung naranasan mo na ang pahayag at ekis (×) naman kung hindi.

1. Nagtatapon ako ng basura sa tamang tapunan.
2. Iniuuwi ko ang aking basura.
3. Tumutulong ako sa proyektong pangkalinisan sa aming barangay.
4. Inihihiwalay ko ang nabubulok sa di-nabubulok na basura.
5. Tinatakpan ko ang basurahan upang hindi mangamoy at maiwasan ang pagkalat ng mikrobyo.

B. Basahin at piliin ang pangunahing ideya o kaisipan ng teksto. Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.

1. Ang **dengue** ay maiiwasan kung ibayong pag-iingat ay isasaalang-alang. Palitan nang madalas ang tubig sa plorera. Linisin ang loob at labas ng bahay. Maging malinis sa tuwina.
   a. Maglinis ng kapaligiran upang maiwasan ang **dengue**.
   b. Palitan lagi ang tubig sa plorera.
2. Kapag may sipon o ubo, iwasan ang pagdura kung saan-saan. Takpan ang bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing nang hindi makahawa ng iba. Uminom ng maraming tubig at magpahinga.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

a. Mga dapat gawin kapag inuubo at sinisipon
b. Uminom ng maraming tubig at magpahinga.

3. Ugaliin ang pagkain ng mga prutas at gulay. Maraming bitamina ang nakukuha sa mga ito. Nakatutulong din ang mga ito upang mapanatiling malusog ang katawan.
   a. Ang mga prutas at gulay ay may maraming bitamina
   b. Kumain ng prutas at gulay upang maging malusog ang katawan
4. Uminom ng walo o higit pang baso ng tubig sa araw-araw. Nakatutulong ito para sa mabilis na pagtunaw ng ating kinain. Nasosolusyunan nito ang pagtigas ng dumi sa loob ng katawan.
   a. Kabutihang dulot ng sapat na pag-inom ng tubig
   b. Bilang ng iinuming tubig araw-araw
5. Iwasang kumain ng **junk food** at pag-inom ng nakalatang inumin. May mga kemikal ito na hindi mabuti sa katawan.
   a. Iwasang kumain ng **junk food** at pag-inom ng nakalatang inumin.
   b. May mga kemikal na makukuha sa **junk food** at nakalatang inumin.

DEPED COPY



## Basahin Natin

Basahin ang tula.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Lubhang kakaiba si Sonya
Parang diksiyonaryo ang isip niya
Nasasabi ang mga kahulugan
Tamang salita gamit ng aking kaibigan
Sa isip mabilis na hinuhugot
Kailanman di siya nakababagot.



Palaging dala-dala ay saklay
Paika-ikang lumakad dahil siya'y pilay
Batang masayahin, laging nagdarasal
Kapupulutan siya ng magandang asal
Laging nakatawa, tuwina'y masaya
Ang palakaibigang si Sonya.



## Sagutin Natin

- Sino ang tinutukoy sa tula?
- Bakit hindi siya nakababagot?
- Ano-anong katangian ang taglay niya?
- Naging sagabal ba ang kaniyang kapansanan sa kaniyang buhay? Bakit?
- Paano mo maipakikita na hindi hadlang ang kapansanan para lumigaya?
- Ano ang napansin sa mga salitang nasa dulo ng bawat linya ng tula?
- Paano nalalaman na magkasintunog ang pares ng mga salita?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Basahin ang salitang nasa loob ng kahon. Pumalakpak kung dapat taglayin ang katangian at pumadyak naman kung hindi dapat.

| | | |
|---|---|---|
| mabait | madamot | mareklamo |
| masigasig | masipag | palasigaw |



## Gawin Natin

Basahin ang mga salita sa Hanay A at piliin ang kasintunog nito sa Hanay B.

| | Hanay A | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. | bata | (baso, beke, tuta) |
| 2. | abogado | (abaka, abokado, doktor) |
| 3. | kalaro | (baro, kalapati, tupa) |
| 4. | palaka | (manok, talangka, dahon) |
| 5. | Nanay | (tubero, nars, tinapay ) |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Pagsamahin ang mga salitang magkakasintunog. Isulat ang sagot sa isang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| aliw | baging | bahay | buhay |
| dibdib | ibon | kabayo | kalabaw |
| kalesa | lago | lata | lawa |
| luya | mababa | maginoo | malayo |
| mani | marikit | masakit | mata |
| mataba | patani | noo | pugo |
| putak | sabaw | saging | saliw |
| laya | tabon | takatak | tasa |
| tuwa | taya | talahib | bata |

DEPED COPY



## Tandaan Natin

Matutukoy ang mga salitang magkakasintunog kung magkapareho ang huling tunog.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| lola – bola | suso – paso |
| atis – batis | talangka – palaka |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Lagyan ng tsek (✓) ang sagutang papel kung ang mga salita ay magkakasintunog at ekis (×) naman kung hindi.

1. tindera – kusinera
2. kapitbahay – kaibigan
3. katulong – talong
4. nainis – malinis
5. sabay – sabaw



## Basahin Natin

Basahin ang mga pangungusap.

1. Ang plorera ay nilalagyan ng bagong bulaklak tuwing umaga.
2. Mangkok naman ang nilalagyan ng pagkaing may sabaw.
3. Ang batang siga ay malapit sa gulo at walang kinatatakutan.
4. Masarap magbakasyon sa isang liblib na pook. Karaniwan ito'y tahimik at tago na lugar.
5. Si Carlo ay nagpakita ng larawan ng bandurya. Kahawig ito ng gitara.



## Sagutin Natin

- Saan inilalagay ang bulaklak?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano ang inilalagay sa mangkok?
- Bakit malapit sa gulo ang batang walang kinatatakutan?
- Ano-anong salita ang may salungguhit?
- Ano ang tawag sa salitang may salungguhit?
- Ano ang ginamit na paraan upang malaman ang di-kilalang mga salita?



## Pahalagahan Natin

Ipakita ang masayang mukha kung wasto ang gawain at malungkot  na mukha kung mali.

- Magtatanong sa mga magulang.
- Huwag sagutan ang takdang aralin.
- Magpatulong kina ate at kuya.
- Tingnan sa diksiyonaryo o **internet** kung may salitang hindi maunawaan.
- Ipagawa sa kaklase ang takdang aralin.



## Gawin Natin

Kilalanin ang mga salita sa tulong ng mga larawan. Isulat ang letra ng sagot.

1. plorera
2. katre

a. 

b. 

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. gwantes — c. 

4. pluma — d. 

5. batingaw — e. 



## Sanayin Natin

Hanapin ang kahulugan ng di-kilalang salitang may salungguhit sa pangalawang pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. Marusing ang bata sa lansangan. Marumi rin ang kaniyang damit at siya'y nakayapak.
2. Mahalimuyak ang buong hardin. Mabango kasi ang mga bulaklak dito.
3. Masagana ang buhay ni Mang Narding. Mayaman kasi ang kaniyang pamilya.



## Tandaan Natin

May ilang pamamaraan upang madaling maunawaan ang mga di-kilalang salita**.**

1. sa pamamagitan ng larawan
2. gamit sa pangungusap
3. aktuwal na bagay
4. pagsusuri ng hugis at anyo ng mga nakalarawan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Alamin ang mga di-kilalang salita sa pamamagitan ng larawan. Pagtambalin ito sa pamamagitan ng pagsulat ng letra ng pangalan ng bawat larawan. Gawin ito sa sulatang papel.

1.  a. bapor

2.  b. brilyante

3  c. aparador

4.  d. mangkok

5.  e. kubyertos

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Mga dapat tandaan sa pagsulat:

1. Hawakan ang lapis nang isang pulgada ang layo mula sa dulo ng daliring hinlalaki, hintuturo, at gitnang daliri.
2. Iayos ang papel sa **desk**. Ipatong sa bandang itaas nito ang kanan o kaliwang kamay.
3. Magsulat mula kaliwa-pakanan.
4. Magsulat nang marahan at may tamang diin.
5. Umupo nang maayos sa upuan.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat?
- Bakit may mga dapat tandaan sa pagsulat?
- Sa iyong palagay, ano ang mangyayari kung hindi natin ito isasagawa?



## Pahalagahan Natin

Mahalaga na sundin ang mga panuntunan sa pagguhit upang matutunan ang tamang pamamaraan at maging malinis at maayos ang sulat o guhit.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Gawin Natin

Gumawa ng pataas-pababang guhit. Gawin sa papel nang limang beses. Gayahin ang modelo.



## Sulatin Natin





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Gumawa ng pataas-pababang guhit.

Unang Pangkat – Pagbakat ng putol-putol na guhit
Ikalawang Pangkat – Pagdugtong ng mga tuldok
Ikatlong Pangkat – Pagsulat sa hangin
Ikaapat Pangkat – Pagsulat sa papel



## Tandaan Natin

Sa pagsulat ng pataas-pababang guhit, gamitin ang tatlong linyang may kulay asul, pula, asul. Simulan ito sa kaliwa-pakanan.



## Linangin Natin

Gumawa ng pataas-pababang guhit sa sulatang kuwaderno.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 2: Mahalin at Ipagmalaki ang Pamilya



## Subukin Natin

Isulat ang **Tama** o **Mali** sa sagutang papel.

1. Ang mahahalagang detalye ay makatutulong upang masagot ang mga tanong sa kuwentong binasa.
2. Ang sulat at balat ay magkapareho ang tunog sa hulihan.
3. Ang pangngalan ay tumutukoy sa tao lamang.
4. Ang aklat ay ngalan ng hayop.
5. Sa pagsipi ng salita, dapat ay may tamang layo ang bawat letra.



## Basahin Natin

Pakinggan ang kuwento habang binabasa ng guro.

### Maalagang Ina



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Handang-handa na sina Nanay Carmen at Tatay Ramon. Dadalo sila sa pagtitipon nina Lolo at Lola. Anibersaryo ng kasal nila. Dapat ay naroon ang buong pamilya. Tinawag ni Aling Carmen ang mga anak. “Fe, Rey, nasaan na ba kayo? Bihis na kami ng Tatay ninyo.”

“Nanay, may sinat po si Rey. Isasama pa po ba ninyo kami?” tanong ni Fe.

Dali-daling pumunta si Aling Carmen sa silid ng anak at hinipo ang ulo ni Rey. Nalaman niyang may sinat ito. Lumabas siya at nang ito’y bumalik, nakabihis na ito ng damit pambahay. May dalang palangganang may tubig, botelya ng gamot, at yelo.




- Saan pupunta ang mag-anak ni Aling Carmen?
- Sino ang nagkaroon ng sakit?
- Mahalaga ba ang kanilang pupuntahan? Bakit?
- Ano ang ipinasiyang gawin ni Aling Carmen nang malamang may sakit si Rey?
- Ano ang masasabi mo kay Aling Carmen?
- Magagalit kaya sina Lolo at Lola sa hindi pagdating ng mag-anak?
- Ano kaya ang sumunod na nangyari sa kuwento?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Piliin sa mga larawan kung paano mo ipinakikita ang pagmamahal sa iyong mga magulang o kasapi ng pamilya. Ipaliwanag sa klase ang napiling larawan.


a


b


c


d

## Gawin Natin

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot batay sa detalye ng kuwentong binasa.

1. Sino ang mag-asawa sa kuwento?
   a. Aling Carmen at Mang Mon
   b. Aling Caren at Mang Ramon
   c. Aling Carmen at Mang Ramon
2. Saan pupunta ang mag-anak?
   a. sa binyag ng Lolo at Lola
   b. sa kaarawan nina Lolo at Lola
   c. sa anibersaryo ng kasal ng Lolo at Lola
3. Ano ang nangyari kay Rey?
   a. nagsusuka c. sumasakit ang tiyan
   b. nilalagnat

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Anong uri ng ina si Aling Carmen?
   a. maalaga   b. madasalin   c. masikap
5. Matutuwa kaya si Rey sa pag-aalaga sa kaniya ng ina?
   a. Oo   b. Hindi   c. Ewan ko



## Sanayin Natin

Ibigay ang inyong hinuha sa bawat situwasyon.

Unang Pangkat – Darating mula sa isang malayong probinsya ang Lolo at Lola nina May at Milyo. Kailangan daw dalhin sa pagamutan si Lolo. Walang titingin sa kaniya kundi si Lola.

Ikalawang Pangkat – Malapit na ang pasukan sa eskuwela. Papasok na ang bunsong si Bong. Hindi pa siya marunong umuwi ng bahay nang mag-isa.

Ikatlong Pangkat – May proyekto si Neneng sa paaralan. Hindi pa sumusuweldo si Tatay. Kukulangin ang pera ni Nanay sa pamamalengke.

Ikaapat na Pangkat – Maraming  nagkalat na basura sa tabing-ilog. Malapit dito ang tirahan ng mag-anak na Reyes.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang mahahalagang detalye ay nakatutulong upang masagot ang mga tanong sa pinakinggan o binasang teksto.

Ang **hinuha** ay pagbibigay ng kasalukuyang nadarama, iniisip, katangian, o nangyayari batay sa paglalarawan ng mga detalye sa isang sitwasyon. Maaaring itong positibo o negatibo.

## Linangin Natin

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

### Ang Huwarang Pamilya



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Si Mang Piolo at si Aling Cristy ay may huwarang pamilya. Ang kanilang mga anak na sina Arcy, Elvie, Nancy, at Frank ay masisikap na mag-aaral.
Ang panganay na si Arcy na nasa Baitang VI ay nangunguna sa klase. Ang kambal na sina Elvie at Nancy ay masisigasig sa pagpasok, aktibo sa talakayan, at napapasali sa lahat ng paligsahang pang-akademiko. Ang nag-iisang lalaki na si Frank ay gumagaya sa masisikap niyang mga kapatid. Naitataguyod naman ang kanilang pag-aaral sa pagiging masigasig ng kanilang mga magulang.

Ang mag-asawa ay responsableng gumagabay, nagdidisiplina, at doble kayod sa paghahanapbuhay para itaguyod ang edukasyon ng mga anak.

Ginagawa nilang araw ang gabi para mapaglaanan ang pangangailan ng pamilya. Kahanga-hanga ang pamilya nina Mang Piolo at Aling Cristy.

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sino-sino ang anak nina Mang Piolo at Aling Cristy?
    a. Arcy, Elvie, Nancy, at Frank
    b. Arcy, Elvie, at Nancy
    c. Nancy at Frank
2. Ano ang tawag sa pamilya nina Mang Piolo at Aling Cristy?
    a. huwarang pamilya
    b. masayang pamilya
    c. masipag na pamilya

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Bakit maituturing na huwaran ang kanilang pamilya?
   a. mayaman sila
   b. marami silang kakilala
   c. matatalino at masisikap ang mga anak at responsable ang mga magulang
4. Dapat bang tularan ang pamilya nila?
   a. oo    b. hindi    c. hindi kailanman
5. Ano kaya ang magiging buhay ng mga anak nila pagdating ng panahon?
   a. walang nakakaalam sa kapalaran nila
   b. hindi makakapagtapos sa pag-aaral at maghihirap
   c. magkaroon ng maunlad at maayos na pamumuhay



## Basahin Natin

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bihis | bumalik | damit | dapat | handa |
| kasal | nanay | pamilya | sinat | yelo |



## Sagutin Natin

- Ano ang unang tunog ng salitang <u>handa</u>?
- Ano ang gitnang tunog ng salitang <u>kasal</u>?
- Ano ang hulihang tunog ng salitang <u>pamilya</u>?
- Pare-pareho ba ang mga tunog ng salita sa dulo?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang kaalaman sa tunog ng mga letra ay mahalaga upang mas mabilis makabasa. Ito ay mahalagang pundasyon sa pagbasa kaya dapat itong taglayin ng bawat isa.

## Gawin Natin

Basahin ang mga salita sa ibaba. Sabihin ang una, gitna, at huling tunog ng mga ito. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. mutya
2. barya
3. saya
4. lumpo
5. sampu
6. pista

## Sanayin Natin

Hanapin sa loob ng panaklong ang salitang may kaparehong tunog ng sinalungguhitang tunog ng letra. Isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| kilay | (bahay, kidlat, hibla) |
| suman | (bawang, buwan, lapis) |
| takbo | (listo, lumpo, pakla) |
| dalaga | (halaga, kalabasa, kasama) |
| sampu | (aktibo, tempo, unano) |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang mga salita ay maaaring magkapareho ang tunog sa unahan, gitna, at hulihan.



## Linangin Natin

Isulat sa kuwaderno ang mga salitang magkapareho ang tunog na maaaring makita sa unahan, gitna, at hulihan.

1. mais, mata, puso
2. bangin, hangin, tubig
3. balikan, halika, malaki
4. baliw, halik, saliw
5. Obet, Olga, Omar

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

### Nasaan Ka, Inay?



Nagising si Nena na wala ang ina sa kaniyang tabi. Nakadama siya ng takot kaya niyakap niya ang unan. Narinig niyang tumatahol ang aso. Bumangon siya para hanapin ang ina. Pumunta siya sa kusina pero wala ang kaniyang nanay. Biglang namatay ang ilaw. Kumulog nang malakas. Isang matalim na kidlat ang kasunod nito. Bumuhos ang malakas na ulan. May kalakasan din ang hangin. Pilit nilabanan ni Nena ang takot na nadarama. Pumikit siya at nagdasal nang taimtim.

Hindi nagtagal, dumating ang kaniyang Ate Nelia. May dalang nakasinding kandila. Sinabi nitong pumunta ang ina sa palengke upang bumili ng bigas.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Bakit natakot si Nena?
- Bakit kaya biglang nagdilim ang paligid?
- Paano ipinakita ni Nelia ang kaniyang pagmamalasakit sa kapatid?
- Ano-ano ang ginagawa mo para sa kasapi ng pamilya niyo?
- Ano-anong pangngalang tumutukoy sa tao, bagay, hayop, at pook ang iyong napakinggan sa kuwento?



## Pahalagahan Natin

Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung dapat gawin at ekis (×)naman kung hindi dapat gawin.

1. Pupunta ako sa kuwarto ni Ate kapag malakas ang ulan.
2. Hahanapin ko sa labas ng bahay si Tatay.
3. Magtatampo ako kay Nanay kapag iniwan niya ako.
4. Mag-aantay na lang ako sa pagdating ni Nanay.
5. Iiyak ako nang malakas kapag wala si Nanay sa bahay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Tukuyin ang kategorya ng pangkat ng mga pangngalan sa bawat bilang. Isulat ang **A** kung tao, **B** kung hayop, **C** kung bagay, at **D** kung lugar. Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ___1. | bukid | parke | silid |
| ___2. | baka | ibon | kalabaw |
| ___3. | bag | lapis | papel |
| ___4. | kamera | sombrero | telepono |
| ___5. | ate | guro | lolo |



## Sanayin Natin

Isulat sa kuwaderno ang **T** kung ngalan ng tao, **B** kung bagay, **H** kung hayop, at **P** kung lugar.

| | |
|---|---|
| ____1. basket | _____4. lapis |
| ____2. ospital | _____5. kalabaw |
| ____3. Benigno Aquino | |



## Tandaan Natin

Ang **pangngalan** ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, o lugar.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Gawin sa sagutang papel. Hanapin ang salita sa pangungusap na tinutukoy ng pangngalang nasa kaliwa. Isulat nang tama ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| tao | 1. | Masarap ang suman na ginawa ni Aling Lorna. |
| bagay | 2. | Kulay pula ang damit na binili ko kahapon. |
| hayop | 3. | Mabilis tumakbo ang kabayo. |
| lugar | 4. | Namasyal ang mag-anak sa Luneta Park kahapon. |
| bagay | 5. | Nawala ang lapis na mahaba. |



## Basahin Natin

1. Binigyan ako ni Ama ng bagong relo.
2. Pumunta kami sa simbahan upang magdasal.
3. May nahuling daga ang alaga kong pusa.
4. Pumunta si Nanay sa palengke.
5. Nagkasakit si Kuya kaya siya ay pumunta sa doktor.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano-anong ngalan ng tao ang iyong nabasa?
- Anong ngalan ng hayop ang iyong nabasa?
- Tama ba ang pagitan ng bawat letra ng salita?
- Paano mapagaganda o maaayos ang sulat?



## Pahalagahan Natin

Mahalagang sundin ang mga pamamaraan sa pagsipi upang maging malinis, maayos, at maganda ang sulat. Nakakatulong din ang mga ito upang madaling mabasa ang mga salita.



## Gawin Natin

Sipiin nang wasto ang mga salita gamit ang tamang linya sa papel na may tamang layo ang bawat letra.

1. ama
2. Nena
3. tahanan
4. paaralan
5. Mang Carding

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Sipiin sa kuwaderno ang sumusunod na pangngalan.

1. Dan
2. botika
3. upuan
4. kambing
5. bulaklak



## Tandaan Natin

Sa pagsipi ng mga salita, dapat may wastong pagitan ang mga letra ng bawat salita.



## Linangin Natin

Isulat ang **T** kung tama ang ipinahahayag ng pangungusap sa pagsipi nang wasto at maayos ng mga salita, at **M** naman kung mali.

1. Gamitin nang wasto ang mga guhit sa papel.
2. Isulat ang letra ng salita nang may wastong pagitan.
3. Burahin ng laway ang maling naisulat.
4. May tamang istrok ang pagsulat.
5. Dapat may wastong hugis at anyo ang mga letra kapag isinusulat.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Sulatin Natin

A. Isulat ang pataas-paikot na linya sa kuwaderno. Sundan ang modelo sa ibaba.



B. Isulat ang pataas-paikot na linya sa kuwaderno. Sundan ang modelo sa ibaba.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 3: Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya



## Subukin Natin

Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.

1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng wastong damdamin sa sinasabi?
   "Bakit kaya hindi dumating si Tatay sa aking kaarawan?"

   A.  B.  C.  D.  E. 

2. Piliin ang tamang bilang ng pantig sa salitang <u>masaya</u>.
   A. 1 B. 2 C. 3
3. Alin ang tamang pagpapantig sa salitang <u>pasyalan</u>?
   A. pas-yal-an B. pas-yala-n C. pas-ya-lan
4. Alin sa mga salita ang karaniwang ngalan o pambalana?
   A. mag-aaral B. Armando Reyes C. Ilog Pasig
5. Alin sa mga salita ang may maling baybay?
   A. dekorasiyon B. decoration C. dikorasyon



## Basahin Natin

Basahin ang sagutang liham ng magpinsang Mary Ann at Nilo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Brgy. Dawis, Gasan
Marinduque
Mayo 10, 2012

Mahal kong Mary Ann,

Kumusta na kayo nina Ninang Cynthia at Ninong Christopher? Nabagot kami sa kahihintay sa inyo noong Mahal na Araw. Bakit hindi kayo nakarating? Naghanda pa naman si Nanay ng paborito mong **leche flan** at halayang ube. May ipauuwi rin sana kaming masarap na suman sa inyo. Ano nga ba ang nangyari at hindi kayo nakarating?

Hindi ninyo tuloy napanood ang pagdiriwang ng Moriones. Sana nakita ninyo si Longhino. Siya ang sundalong nanakit sa Poong Hesus nang Siya'y mapako sa krus.

Ibinili pa naman kita ng maskara. Sa pagpunta na lang ninyo rito ko ibibigay sa iyo. Salamat sa ipinadala mong kard noong kaarawan ko. Sulatan mo ako agad, ha.

Nagmamahal,
Nilo

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Talipapa, Novaliches
Lungsod ng Quezon
Hunyo 20, 2012

Mahal kong pinsang Nilo,

Nanghihinayang ako at hindi kami nakarating sa inyo. May mahalagang nilakad sina Nanay at Tatay. Pero alam mo ba, pinsan, nagpunta kami sa Lukban, Quezon noong Mayo 15. Nakita ko ang makukulay na mga bahay na nagagayakan ng mga kiping. Yari sa bigas ang mga ito na may iba't ibang kulay. May iba't ibang hugis din ang mga ito na nagsisilbing palamuti ng mga tahanan, kasama ang iba't ibang produktong dito ginagawa o kanilang inaani.

Alam mo, pinsan, ang sasarap ng mga kakanin doon. Sana matikman mo rin. Ikumusta mo na lamang ako kina Tita Weng at Tito Willie.

Nagmamahal,
Mary Ann




Sagutin ang mga katanungan kaugnay ng binasang mga liham.

- Sino ang magpinsan sa kuwento?
- Bakit sumulat si Nilo kay Mary Ann?
- Ano ang ipinagdiriwang sa Marinduque?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano ang atraksiyon ng Lukban, Quezon?
- Magbigay ng mga katangian nina Mary Ann at Nilo.
- Kung ikaw si Nilo, ano ang magiging damdamin mo dahil hindi nakarating ang iyong inaantay?



## Pahalagahan Natin

Maraming pagdiriwang ang isinasagawa sa ating bansa. Nakatutulong ang mga ito sa pagpapanatili ng ating kulturang Pilipino. Nakapagpapatibay rin ang mga ito ng pagsasamahan at pag-uunawaan ng marami.



## Gawin Natin

Piliin sa loob ng kahon ang damdaming ipinapahiwatig ng pahayag. Isulat sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| pagkagalit | pagkahiya | pagkainip |
| pagkatuwa | paninisi | |

1. "Bakit mo iniwan ang nakasalang na sinaing? Nasunog tuloy."
2. "Yehey! Mataas ang nakuha ko sa pagsubok."
3. "Pasensiya na po. Narumihan ko ang inyong sapatos."
4. "Bakit ang tagal-tagal nila? Kanina pa ako rito."
5. "Ilang ulit ko nang sinasabi sa iyo na bawal dito ang aso."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

Ibigay ang damdaming ipinahihiwatig ng linyang nasa ibaba.

"Maligayang kaarawan, Inay. Masaya po kami dahil narating pa ninyo ang ika-animnapu't limang kaarawan."

Pangkat 1 - Iguhit

Pangkat 2 - Isakilos

Pangkat 3 - Sabihin

## Tandaan Natin

> May iba't ibang damdaming nadarama katulad ng natutuwa, nagagalit, nayayamot, naiiyak, nalulungkot, nasisiyahan, at iba pa. Mahalagang alamin ang iba't ibang damdamin.

## Linangin Natin

Tukuyin ang damdaming ipinahihiwatig ng bawat linya. Piliin ang letra ng wastong sagot. Isulat sa sagutang papel.

A.  B.  C.  D. 

1. "Ang dami! Ayoko na."
2. "Ang tataas ng mga marka ko. Tiyak matutuwa si Nanay."




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. “Naku! Walang ilaw. Ang dilim ng paligid.”
4. “Hu! hu! hu! Ang sakit ng ngipin ko.”
5. “Bakit kaya hindi ako isinama ni Ate sa parke?”

## Basahin Natin

### Pamilya delos Reyes



Ang <u>pamilya</u> delos Reyes ay naninirahan sa <u>Masbate</u>. Malapit sa baybay dagat ang kanilang tirahan, kaya’t sagana sila sa yamang dagat. Marami ang mga puno ng bakawan sa baybayin.

Dito madalas pumunta ang magkapatid na Zeny at Zoren. Nanghuhuli sila ng mga isda at alimango. Paborito kasi ang mga ito ng kanilang mga magulang na sina Aling Mila at Mang Albert. Kapag walang pasok sa eskuwela, nakaugalian na ng magkapatid na magmasid ng mga ibong nagliliparan. Naghahabulan sila sa baybaying may puting buhangin. Kung minsan pati kanilang kaibigan ay nakikipagpiknik sa kanilang lugar.

Ang lolo at lola nina Zeny at Zoren ay nakatira naman sa malawak na lupain sa <u>Masbate</u>.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang kalahati nito ay natatamnan ng mga puno ng niyog na pinagkakakitaan ng kanilang lolo at lola ng kabuhayan.

Kapag pumupunta ang magkapatid kina Lolo Bindoy at Lola Genia, ipinaghahanda sila nito ng sinampalukang manok.

Minsan naman, sila ay ipinagluluto ng bulalo. Sa kanilang pag-uwi, pinababaunan pa sila ng karamelado na gawa sa gatas ng kalabaw na gustong-gusto ng magkapatid.



## Sagutin Natin

- Bakit sagana sa yamang dagat ang pamilya de los Reyes?
- Ano-ano ang yamang dagat na makikita rito?
- Ano-ano ang maaaring gawin sa baybaying dagat?
- Paano pinalilipas ng magkapatid ang oras kapag walang pasok?
- Ikaw, ano ang iyong ginagawa kapag walang pasok?
- Anong damdamin ang ipinahihiwatig sa kuwentong binasa?



## Pahalagahan Natin

Mahalaga ang oras. Dapat gamitin natin ito nang kapaki-pakinabang. Maglaan ng oras para sa pamilya. Maglibang at magsaya kasama ng mga mahal sa buhay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Kopyahin ang tsart sa kuwaderno. Pantigin ang sumusunod na salita mula sa kuwentong binasa.

| Salita | Pagpapantig | Bilang ng mga pantig |
|---|---|---|
| eskuwela | | |
| kalahati | | |
| manok | | |
| niyog | | |
| pinaghahanda | | |



## Sanayin Natin

Gawin ang sumusunod na gawain.

| | | | |
|---|---|---|---|
| alaga | almusal | mag-anak | tumutulong |
| maaga | tubig | dinidilig | kasambahay |

Unang Pangkat – Isulat nang papantig ang mga salitang nasa loob ng kahon.

Ikalawang Pangkat – Ipalakpak ang mga salitang pinantig ng unang pangkat.

Ikatlong Pangkat – Sabihin ang bilang ng pantig ayon sa pagpalakpak na ginawa ng ikalawang pangkat.

Ikaapat na Pangkat – Bigkasin ang mga salitang nasa loob ng kahon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Natutukoy ang bilang ng pantig ng salita sa pagpapantig. Ang **pagpapantig** ay wastong paghahati o paghihiwalay ng mga pantig ng salita. Nakatutulong ang pagpapantig sa tamang pagbigkas at pagbaybay ng mga salita.



## Linangin Natin

Pantigin ang sumusunod at isulat ang bilang ng pantig sa dulo ng mga salita. Isulat sa kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| 1. kapaligiran | 3. pasalubungan | 5. tandaan |
| 2. paaralan | 4. tahanan | |



## Basahin Natin

Tagpo: Sa palengke. Namimili sina Mang Andoy at Aling Precy ng regalo para sa kaarawan ni Mona.

Mang Andoy: Huwag mong kalimutan ang paboritong laruan ng bunso mo baka magtampo na naman iyon.

Aling Precy : Ay, naku, una sa listahan ang manika niyang si Mona. Ewan ko nga ba kung bakit nahilig sa pagkolekta ng mamahaling manika ang bunso mo. Bibilhan ko

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

rin siya ng **stuff toys** na pusa at daga.

Mang Andoy: Bayaan mo na. Tuwing kaarawan lang naman niya nadaragdagan ang kaniyang koleksiyong manika. Ano naman ang bibilhin mo para kay Andy?

Aling Precy : Pantalong Jack Empoy at **t-shirt**. Maliliit na kasi ang mga polo at pantalon niya.

Mang Andoy: Magmadali ka sa pagpili. Marami ng tao rito sa palengke. Mahihirapan na tayong umuwi. Dadaan pa tayo sa simbahan.




- Anong pagdiriwang ang pinaghahandaan ng mag-asawang Mang Andoy at Aling Precy?
- Ano-ano ang balak nilang bilhin para kay Mona? Kay Andy?
- Ano ang mararamdaman mo kung bibigyan ka ng regalo?
- Kung ikaw ang magbibigay ng regalo, anong regalo ang iyong ibibigay?
- Paano ipinakita ng mag-asawa ang kanilang pagmamahal sa mga anak?
- Magbigay ng mga pangngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar mula sa kuwento.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Iguhit sa malinis na papel kung paano mo ipinapakita ang iyong pasasalamat sa iyong mga magulang sa pagmamahal na kanilang ibinibigay.



## Gawin Natin

Punuin ang tsart ng mga salita mula sa talaan ng mga karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar.

| Tao | Bagay | Hayop | Pook o Lugar |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

| | | |
|---|---|---|
| baka | bundok | jacket |
| kaibigan | kambing | magulang |
| ospital | pambura | pamimili |
| plasa | plato | radyo |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Pangkatin ang mga karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ilagay sa tamang supot.

Pangkat 1 Pangkat 2 Pangkat 3 Pangkat 4




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bahay | guwardiya | kuwarto | papel | tinidor |
| bato | kalabaw | lungsod | pinsan | tiyo |
| dagat | kotse | paaralan | sabon | tsinelas |
| kumot | gagamba | paso | sapa | unggoy |



## Tandaan Natin

> Ang **karaniwang ngalan** ay naayon sa kategoryang tao, bagay, hayop, pook o lugar.



## Linangin Natin

Isulat ang tsek (✓) kung ang bawat salita ay karaniwang pangngalan at ekis (×) naman kung hindi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | |
|---|---|---|
| ama | ina | anak |
| pusa | kalabaw | Muning |
| palengke | simbahan | palaruan |
| lapis | Peen | **ruler** |
| guro | pulis | Bb. de Leon |




Mahilig maglaro ang batang si Vina sa kanilang bakuran. Marami siyang laruan tulad ng manika, lutu-lutuan, **puzzle**, laruang **computer**, at iba't ibang hugis na gawa sa kahoy. Pinapahalagahan niya ang lahat ng kaniyang gamit. Ibinabalik niya ang mga ito sa kabinet nang malinis at maayos pagkatapos laruin. Isa siyang masinop na bata kaya naman tuwang-tuwa ang kaniyang mga magulang.




- Sino ang batang mahilig maglaro?
- Ano-ano ang kaniyang mga laruan?
- Paano niya binibigyang halaga ang kaniyang mga laruan?
- Ano ang katangian ng batang si Vina?
- Kung ikaw ay may laruan, paano mo ito iingatan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Sabihin ang **Oo** kung tama ang ipinahahayag at **Hindi** naman kung hindi. Hintayin ang hudyat ng guro.

1. Ilalagay ko sa tamang lalagyan ang mga laruan pagkatapos kong gamitin.
2. Paglalaruan ko ang aking laruan hanggang sa masira.
3. Iiwanan ko sa bakuran ang aking mga laruan.
4. Lilinisin ko ang aking mga laruan bago at pagkatapos maglaro.

## Gawin Natin

Basahin ang pangungusap at ikahon ang salita na may maling baybay. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Pumunta ang mag-anak sa parkiy.
2. Kumain sila ng maiis, pritong manok, at **leche flan**.
3. Nilagyan ng tatay ng palaman ang tinanapay.
4. Namili sila ng makukulay na zenelas bago umuwi.
5. Sumakay ang mag-anak sa buss.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Hanapin sa loob ng panaklong ang tamang baybay ng isang salita.

1. Ang aking (goru, guro) ay si Gng. Melany B. Ola.
2. Masarap na (tsokoulati, tsokolate) ang pasalubong ni Tatay.
3. Nagtakbuhan ang mga bata sa (palaruan, palaroan).
4. Isang (sorpresa, surpresa) ang pagdating ng mga bisita.
5. Matamis ang hinog na (mangga, manggo) na ibinigay ni Lola Marta.



## Tandaan Natin

Mga pamamaraan sa pagtukoy ng maling baybay sa pangungusap.

1. Basahing mabuti ang pangungusap.
2. Tingnang mabuti ang mga salita rito.
3. Suriin ang mga letrang bumubuo sa bawat salita upang makita ang pagkakamali.
4. Iwasto ang salitang mali ang baybay at basahing muli ang pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin


Piliin at iwasto ang salitang may maling baybay sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Marami akong natanggap na rigalo sa aking kaarawan.
2. Mga damit, laroan, at pagkain ang aking nagustuhan.
3. Si lola at lolo nagdala rin ng sourbetes sa handaan.
4. Maging mga kaibigan ko nagpunta sa bahaiy.
5. Pagkatapos, pumunta kami sa sembahan at nagdasal.



## Sulatin Natin

A. Isulat ang mga letrang may pailalim na kurba. Sundan ang modelo sa ibaba.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 4: Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan



## Subukin Natin

Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Si Aling Rosa ay mamimili sa palengke. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang nagbibigay ngalan sa ______.
   a. bagay b. hayop c. tao
2. Alin sa sumusunod ang tanging ngalan ng bagay?
   a. bag b. lapis c. 4D Axis
3. Alin sa mga salita ang nagpapakita ng kayarian ng pangngalan na may katinig-patinig?
   a. araw b. itlog c. keso
4. Anong kayarian ang unang pantig ng salitang akda?
   a. P b. KP c. PK
5. May mahabang pagsusulit si Emma sa Filipino. Hindi siya nakapag-aral nang nakaraang gabi dahil nanood lamang siya ng telebisyon. Marahil siya ay ____________________.
   a. makakapasa sa pagsusulit
   b. hindi papasok sa paaralan
   c. hindi makakapasa sa pagsusulit

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Ang Paanyaya



Linggo ng hapon habang nanonood ng telebisyon si Nora, tumunog ang telepono.

| | | |
|---|---|---|
| Lani | : | Hello! Magandang hapon. Sino po sila? |
| Jackie | : | Hello! Si Jackie ito. Nandiyan po ba si Lani? |
| Lani | : | Si Lani ito. Bakit ka napatawag? |
| Jackie | : | Nais kitang anyayahan bukas sa aking kaarawan. Isama mo na rin ang bunso mong kapatid. |
| Lani | : | Sige, umasa ka na pupunta kami. |
| Jackie | : | Maraming salamat. Aasahan kita. |

DEPED COPY

## Sagutin Natin

- Sino ang tumawag sa telepono?
- Ano ang mahalagang mensahe niya para kay Lani?
- Paano ipinakita ni Lani ang pagiging magiliw niya sa pakikipag-usap sa telepono?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Kung ikaw si Lani, dadalo ka rin ba? Bakit? Bakit hindi?
- Kung ikaw naman si Jackie, iimbitahan mo rin ba ang iyong mga kaibigan sa iyong kaarawan? Bakit? Bakit hindi?
- Paano nag-usap ang magkaibigan sa telepono?
- Anong magagalang na pananalita ang ginagamit natin sa pakikipag-usap sa telepono?



## Pahalagahan Natin

Isulat ang **Tama** kung wasto ang ipinapakita sa paggamit ng telepono at **Mali** kung hindi wasto.

1. Sinisigawan ko ang aking kausap kapag hindi ko gustong makipag-usap.
2. Masaya kong sinasagot ang tawag sa telepono.
3. Binabagsakan ko ng telepono ang tumatawag sa akin.
4. Hindi ko ibinibigay ang tawag para sa aking ate at kuya.
5. Inililista ko ang iniiwang impormasyon ng tumatawag na hindi para sa akin.



## Gawin Natin

Basahin ang usapan sa telepono. Piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| anuman | Maraming salamat | Hello! |
| Maaari | | Pakisabi |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Marie : _______! Sino po sila?
Mark : Hello! Si Mark ito. _______ ko bang makausap si Angelo?
Marie : Si Marie po ito. Wala po si Kuya Angelo. May ipagbibilin po ba kayo?
Mark : ________ dalhin niya ang kaniyang bola bukas? Maglalaro kami ng basketbol pagkatapos ng aming klase.
Marie : Iyon lamang po ba ang bilin ninyo?
Mark : Oo, iyon lamang. ___________, Marie.
Marie : Wala pong _________.



## Sanayin Natin

Humanap ng kapareha. Bumuo ng usapan sa telepono gamit ang isa sa mga sitwasyon.

1. Nais mong magtanong sa iyong kaklase tungkol sa inyong takdang aralin dahil ikaw ay lumiban ng araw na iyon.
2. Tumawag ang kaklase ng ate mo ngunit wala siya. Nais ipagbilin ng tumawag na manghi-hiram siya ng aklat sa Filipino.
3. Tumawag ka sa iyong guro upang sabihing liliban ka dahil may sakit ka.
4. Tumawag ang iyong kaibigan upang imbitahan kang maglaro sa kanilang bahay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Narito ang ilang dapat tandaan sa paggamit ng telepono.

1. Gumamit ng magagalang na pananalita sa pagtawag at pagsagot ng telepono.
2. Maging mahinahon sa pagsasalita at panatilihin ang katamtamang lakas ng boses.
3. Huwag ibagsak ang telepono bago at pagkatapos gamitin.
4. Isulat sa papel ang mahahalagang mensaheng nais ibilin ng tumawag.



## Linangin Natin

Buuin ang usapan sa telepono gamit ang ibinigay na sitwasyon.

Tumawag si Angel sa kaniyang nanay. Magpapasundo siya nang maaga dahil masakit ang kaniyang tiyan. Kumain kasi siya ng sorbetes sa labas ng paaralan.

Nanay : Hello! Sino po sila?
Angel : Ako po ito, si Angel. ____________________.
Nanay : Ganoon ba? Ano ba ang kinain mo at sumakit ang tiyan mo?
Angel : ____________________________________.
Nanay : Sige, hintayin mo ako diyan.
Angel : ____________________________________.
Nanay : Bye!
Angel : ____________________________________.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Aa | Bb | Cc | Dd | Ee | Ff |
| /ey/ | /bi/ | /si/ | /di/ | /e/ | /ef/ |
| Gg | Hh | Ii | Jj | Kk | Ll |
| /ji/ | /eych/ | /ay/ | /jey/ | /key/ | /el/ |
| Mm | Nn | Ññ | NGng | Oo | Pp |
| /em/ | /en/ | /enye/ | /enji/ | /o/ | /pi/ |
| Qq | Rr | Ss | Tt | Uu | Vv |
| /kyu/ | /ar/ | /es/ | /ti/ | /yu/ | /vi/ |
| Ww | Xx | Yy | Zz | | |
| /dobolyu/ | /eks/ | /way/ | /zi/ | | |



## Sagutin Natin

- Ilang letra ang bumubuo sa Alpabetong Filipino?
- Paano binibigkas ang bawat letra ng alpabeto?
- Ilan sa mga letra ang patinig? Ano-ano ito?
- Ilan sa mga letra ang katinig? Ano-ano ito?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang kaalaman natin sa pantig ay mahalaga sapagkat ito ay pundasyon sa ating pagkatuto sa pagbasa.



## Gawin Natin

Tukuyin ang kayarian ng pantig. Isulat sa sagutang papel ang **P** kung Patinig, **KP** kung Katinig-Patinig, **PK** kung Patinig-Katinig.

1. ta
2. lu
3. si
4. o
5. in
6. at
7. ur
8. a
9. ik
10. u



## Sanayin Natin

Gamit ang malaking kahon, punan ang tsart ayon sa kanilang kayarian. Gawin ito sa kuwaderno.

| | | | |
|---|---|---|---|
| u | as | ro | i |
| as | pi | om | ga |
| ok | to | o | ma |
| e | ni | bo | at |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Patinig | Katinig-Patinig | Patinig-Katinig |
|---|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |



## Tandaan Natin

Ang salita ay binubuo ng **katinig** at **patinig**. Tinatawag itong pantig. May iba't ibang kayarian ang pantig tulad ng **P** para sa patinig, **KP** para sa katinig-patinig, at **PK** para sa patinig-katinig.



## Linangin Natin

Kilalanin ang kayarian ng pantig na may salungguhit sa mga salita. Isulat ang **P**, **KP**, o **PK** sa sagutang papel.

1. ka**sa**ma
2. **is**da
3. **a**raw
4. **ga**bi
5. ku**sa**
6. pa**ra**
7. **ak**lat
8. **u**lap
9. **us**bong
10. **a**so

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

# Ang Halamanan ni Helen

Si Helen ay masipag na bata. Ang kanilang halamanan ay nasa kanilang bakuran sa Kalye Maharlika. Alagang-alaga niya ang kaniyang tanim na mga gulay at mga bulaklak. Napakaganda ng kaniyang mga rosas at mga sampagita. Tamang-tama na gawing kuwintas at ipagbili kay Gng. Flores, ang may-ari ng tindahan ng mga bulaklak.



Isang umaga, nagising si Helen na sirang-sira ang kaniyang halamanan. Nakatumba ang mga puno ng mga bulaklak. Wala ng dahon ang mga gulay. Nalungkot si Helen. Isang misteryo sa kaniya ang nangyari. Nag-imbestiga si Mang Rodel, ang tatay ni Helen. Inikot niya ang paligid ng bakuran.Pinuntahan din niya ang likod bahay at kulungan ng mga hayop. Nakita niya ang mga bakas ng mga paa ng kambing sa buong paligid. Sa hindi kalayuan ay nakita niya si Goryo, ang paboritong alagang kambing ni Helen.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

A. Sagutin ng **Tama** o **Mali** batay sa binasang kuwento.

- Mahilig magtanim ng halaman si Helen.
- Nagising si Helen na maraming bunga ang kaniyang mga gulay.
- Tinulungan si Helen ng kaniyang ama sa paghahanap ng dahilan ng pagkasira ng halamanan.
- Hindi nila natuklasan ang totoong dahilan ng pagkasira ng halamanan.
- Dahil masipag si Helen, muli niyang aayusin ang mga halaman.

B. Sagutin ang mga tanong.

- Anong mga salita ang may salungguhit sa kuwento?
- Paano isinulat ang unang letra ng salitang may salungguhit?



## Pahalagahan Natin

Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung tama ang gawain at malungkot na mukha ☹ kung mali.

1. Nagtatanim ako ng mga halaman at bulaklak sa aming bakuran.
2. Pinapakain ko ang aking mga alagang hayop.
3. Pinipitas ko ang mga bulaklak upang paglaruan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Binubunot ko ang mga halamang hindi namumulaklak.
5. Dinidilig ko araw-araw ang aming mga tanim.



## Gawin Natin

Piliin at isulat sa sagutang papel ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| ate | ibon | pamilihan |
| bata | Mong-ga | parke |
| damit | Muning | Pilipinas |
| doktor | Nelia | relo |
| G. Cruz | ospital | sapatos |



## Sanayin Natin

Punan ang tsart ng angkop na tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar.

| Tao | Bagay | Hayop | Lugar |
|---|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. | 3. |
| 4. | 4. | 4. | 4. |
| 5. | 5. | 5. | 5. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar o pook ay tinatawag ding **pangngalang pantangi**. Ito ay ngalang pantawag sa tiyak na ngalan. Ito ay nagsisimula sa malaking letra.

Hal. tao – Edward hayop – Tagpi



## Linangin Natin

Hanapin sa pangungusap ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, o pook.

1. Ang mag-anak ay nagbakasyon sa Tagaytay.
2. Si Doktor Santiago ay manggagamot ng mga hayop.
3. Madaldal ang aking alagang si Myna.
4. Tahimik ang Barangay Maligaya.
5. Leevans ang tatak ng bago kong sapatos.




## Sulatin Natin

A. Ang pagsulat ng mgamalalaking letra ng alpabeto ay naaayon sa iba't ibang guhit tulad ng paibabaw na kurba.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



B. Magsanay sumulat ng mga malalaking letra na may paibabaw na kurba.



## Basahin Natin

Basahing muli ang kuwentong "Ang Halamanan ni Helen."



## Sagutin Natin

- Ano kaya ang nangyari nang malaman ni Helen na nakawala si Goryo?
- Sa palagay mo, sino ang sumira ng halamanan ni Helen?
- Dahil paborito niya ang alagang kambing, sasaktan ba niya ito?
- Ano kaya ang gagawin ni Helen sa kaniyang halamanan?
- Ano kaya ang gagawin ni Helen sa kulungan ng kambing?
- Ano naman ang gagawin niya upang hindi na masira ang mga halaman kung sakaling may muling nakawalang hayop?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Iguhit ang ◎ kung dapat gawin at ⊘ kung hindi dapat gawin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maging masaya at tanggapin ang hindi magandang nangyari.
2. Umiwas sa mga tao.
3. Maging masipag at masayahin.
4. Magmukmok sa isang tabi at umiyak.
5. Muling simulan ang gawain.



## Gawin Natin

Hulaan ang susunod na mangyayari sa sumusunod na sitwasyon.

1. May butas na ang bubong ng bahay nina Aling Nena. Hindi niya ito naipagawa sa kaniyang asawa. Isang araw, bumuhos ang malakas na ulan.
2. Sabay-sabay na tumigil ang mga sasakyan nang maging pula ang ilaw trapiko. Naglakad na ang mga tao. May isang matanda na mahina na at mabagal lumakad.
3. Masayang nakikipaglaro si Carlo ng basketbol sa kaniyang mga kaibigan. Hindi niya napansin ang balat ng saging sa lugar na kaniyang pinaglalaruan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. May isang pasahero na nakaiwan ng bag sa taxi. Nalaman ng tsuper na may laman itong pera. Nakakita siya ng pangalan at tirahan ng may-ari ng bag.
5. Sobra ang pagkain ni Marco ng kendi at matatamis. Ayaw niyang kumain ng kanin at mga lutong ulam sa bahay.



## Sanayin Natin

Iguhit sa sagutang papel ang susunod na mangyayari sa kuwento.

Isang Sabado, naglalaro si Lito sa tabing-ilog. Tinawag siya ng mga kalaro at niyayang maligo sa ilog.

Umuwi ng bahay si Lito upang magpaalam sa kaniyang tatay. Hindi siya pinayagan dahil malakas ang ulan at lumalakas ang agos ng tubig. Hindi pinakinggan ni Lito ang sinabi ng ama at naligo pa rin siya kasama ang kaniyang mga kaibigan.



## Tandaan Natin

Ang panghuhula sa maaaring kalabasan o susunod na mangyayari ay maaaring gawin ng sinumang nakikinig, nanonood, o bumabasa. Magagawa ito kung nauunawan ang nakapaloob sa kilos o gawain sa isang sitwasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Iguhit sa sagutang papel ang hula mo sa susunod na mangyayari.

1. May dalang mainit na sabaw sa mangkok si Aling Cora. Habang naglalakad, natapilok siya.
2. May sakit si Abigail. Ayaw niyang uminom ng gamot na reseta ng doktor.
3. Gabing-gabi na ay nanonood pa rin ng telebisyon si Jared. Pinatutulog na siya ng ina ngunit ayaw niyang sumunod.
4. Naglalakad araw-araw si Daniel sa pagpasok sa paaralan. Itinatago niya ang perang dapat ay pamasahe niya. Nais kasi niyang makaipon upang makabili ng bagong sapatos.
5. Maaga pa lamang ay gising na si Aling Lolita. Dala-dala na niya ang basket patungong palengke. Gusto niyang makapili ng mga sariwang isda at gulay na iluluto niya para sa tanghalian.

DEPED COPY




## Sulatin Natin

A. Ang pagsulat ng mga malalaking letra ng alpabeto ay naaayon sa iba't ibang guhit tulad ng mga letrang may dalawang kurba. Pag-aralan ang sumusunod at subuking gawin sa iyong kuwaderno.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



B. Magsanay sumulat ng mga malalaking letra na may dalawang kurba gamit ang modelo sa itaas. Gawin ito sa malinis na papel.

DEPED CO



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


# Aralin 5: Magulang Ay Mahalaga, Dapat Inaalala





## Subukin Natin

Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ang <u>nakatitiyak</u> ay kapareho rin ng salitang _____.
   a. nakakaalam
   b. naka-iiyak
   c. nakasisiguro
2. Punan ng angkop na salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap.
   Mayayabong ang mga _____ sa kabundukan.
   a. halaman b. puno c. tanim
3. Piliin ang angkop na **timeline** sa pagbabago ng nagaganap sa buhay ng isang tao.

a.


b.


c.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Ayusin ang mga salita upang mabuo ang pangungusap.

| |
|---|
| sa tuwa napaiyak Nanay si |

a. Si Nanay napaiyak sa tuwa.
b. Napaiyak si Nanay sa tuwa.
c. Sa tuwa napaiyak si Nanay.

5. Ano ang kahulugan ng salitang <u>nagagalak</u>?
a. naiiyak b. nanunulak c. natutuwa



## Basahin Natin

### Sorpresa kay Nanay



Sabado ng umaga, naisipan ni Tatay na ipasundo si Nanay kay Tiya Maring. Ginawa niya iyon upang makapaglinis kami ng bahay at makapagluto. Walang kamalay-malay si Nanay na mangyayari ang isang sorpresa sa kaniyang kaarawan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Habang wala si Nanay, gumawa si Kuya ng imbitasyon. Ako naman ang inutusan niyang mamigay nito. Samantala, sina Ate at Tatay ang nagluto. Tanghali na ay wala pa rin sila sapagkat nais naming makauwi siya ng hapon upang pagdating niya ay handa na ang lahat. Sumapit ang hapon at isa-isa nang nagdatingan ang mga panauhin. Dumating na rin si Nanay at Tiya Maring. Laking gulat ni Nanay nang makita niya ang mga pagkain at mga panauhin. Napaiyak si Nanay sa tuwa at sa sorpresa naming inihanda sabay sabing, "Maraming salamat sa inyong lahat."



**Sagutin Natin**

- Sino ang may kaarawan?
- Bakit naisipan ng tatay na ipasundo ang nanay?
- Paano nila inihanda ang sorpresang kaarawan ng ina?
- Ano ang naramdaman ng nanay nang malaman ang sorpresa?
- Kung ikaw ang anak sa kuwento, tutulong ka rin ba sa paghahanda? Bakit? Bakit hindi?
- Ano-anong paghahanda ang ginawa ng mag-aama para sa kaarawan ng ina?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pag-alala sa mahalagang araw ng mga magulang ay tanda ng pagpapahalaga at pagmamahal natin sa kanila. Huwag natin silang lilimutin at alagaan natin sila sa kanilang pagtanda.



## Gawin Natin

Gawin ito sa sagutang papel. Isulat ang mga paghahanda na ginawa ni Lina sa pagpasok sa paaralan. Muling ikuwento gamit ang **timeline**.


Mga Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan

________ → ________ → ________ → ________ → ________



## Sanayin Natin

Gawin sa sagutang papel. Iguhit ang mga pagbabagong nagaganap sa isang maliit na buto hanggang sa maging isang puno. Isalaysay sa klase ang nabuong **timeline**.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Dapat itala ang mahahalagang detalye para madaling maulit ang mga ito. Maaaring gumamit ng mga **organizer** tulad ng **timeline** para hindi malimutan ang mahahalagang datos.



## Linangin Natin

Gumawa ng isang **timeline** tungkol sa mga gawain ni Jason sa buong araw.

Mga Gawain ni Jason

↓

____________________

↓

____________________

↓

____________________

↓

____________________



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong "Sorpresa kay Nanay."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

Sabihin kung **tama** o **mali** ang mga pahayag batay sa kuwentong binasa.

- Naisipan ni Tatay na patulugin si Nanay.
- Walang alam si Nanay sa sorpresang aming inihanda.
- Gumawa si Kuya ng imbitasyon.
- Nagluto si Nanay ng pagkain.
- Natuwa si Nanay sa sorpresa namin.



## Pahalagahan Natin

Isulat ang tsek (✓) sa sagutang papel kung tama ang gawain at ekis (×) kung mali.

1. Mahina akong magsalita dahil nahihiya ako.
2. Nagsasalita ako nang maayos at malinaw.
3. Nagsasalita ako habang puno ang aking bibig.
4. Pasigaw kong sinasabi ang aking sagot.
5. Mahinahon kong sinasabi ang nais kong ipabatid.



## Gawin Natin

Punan ng angkop na salitang may **P, KP**, at **PK** upang mabuo ang pangungusap. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

1. Malakas ang __________ at hangin dahil sa bagyo.
2. Mabilis __________ ang mga kabayo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Sumisikat ang __________ sa silangan.
4. Mataas ang lipad ng __________ sa kalawakan.
5. Ang mga bata ay masayang __________ sa ilog.

| | | |
|---|---|---|
| araw | ibon | ulan |
| naliligo | tumakbo | kambing |



## Sanayin Natin

Pumili ng tatlong salita at gamitin ito sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| napaiyak | gumawa | isa-isa |
| umaga | bisita | ipasundo |
| bahay | kaarawan | kasama |



## Tandaan Natin

Ang anyo ng pantig na **P**, **KP**, at **PK** na nakabubuo ng salita ay nagagamit sa pangungusap.



## Linangin Natin

Ayusin ang mga salita upang mabuo ang pangungusap.

1. si Liza bata mabait na ay
2. sikat ng araw mainit ang



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

3. palengke sasama ako sa
4. gusali matataas ang mga sa Makati
5. ay bata ang mataba

**Basahin Natin**

## Dapat Mong Malaman



| | | |
|---|---|---|
| Nanay Rowena | : | Mapalad kayo, mga anak, marami kayong karapatan. |
| Lino | : | Totoo po ba, Nanay? |
| Nanay Rowena | : | Aba! Pagkasilang pa lamang ninyo ay may karapatan na kayo. Una, dapat kayo ay mabigyan ng pangalan. Dapat kayong magkaroon ng tirahan, kasuotan, at pagkain. |
| Mang Romy | : | Kaya nga ako'y hindi makatigil sa pagtatrabaho, kasi nais namin kayong mapag-aral at mapagtapos. |

DEPED



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | |
|---|---|---|
| Tintin | : | Maraming salamat, Nanay at Tatay. Kaya naman po kami ay nagsisikap ding tumulong sa inyo. |
| Wilma | : | Pangako po, kapag naka-tapos na kami ng pag-aaral ay kami naman ang bahala sa inyo ni Tatay. |
| Nanay Rowena | : | Mga anak, ang makita kayong maligaya ay sapat na sa amin ng inyong ama. |
| Mang Romy | : | Walang pinakamagandang handog sa magulang kundi ang lumaki ang mga anak na may pagmamahal sa magulang, sa kapwa, at sa Diyos. |
| Lito | : | Asahan po ninyo, hindi namin kayo bibiguin. |



**Sagutin Natin**

- Sino-sino ang nag-uusap?
- Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan?
- Bakit daw hindi pa tumitigil si Mang Romy sa kaniyang trabaho?
- Paano tinutupad ng mga anak ang kanilang tungkulin?
- Ikaw, paano mo tutuparin ang iyong tungkulin bilang anak?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Paano ginamit sa pangungusap ang karaniwang ngalan?
- Paano ginamit sa pangungusap ang tanging ngalan?



## Pahalagahan Natin

Maraming karapatan ang tinatamasa ng bawat kasapi ng pamilya. Dapat pahalagahan ang mga ito ng bawat isa. Nararapat magsikap ang mga magulang upang matugunan ang pangangailangan ng mga anak.

Dapat namang isagawa ng mga anak ang kani-kanilang tungkulin sa mga magulang at sa bawat miyembro ng mag-anak.



## Gawin Natin

Gamitin nang wasto ang mga pangngalan sa pangungusap.

1. bahay
2. Maynila
3. paaralan
4. inahin at tandang
5. nanay at tatay

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Gumawa ng pangungusap tungkol sa ipinapakita ng larawan.








## Tandaan Natin

Upang matiyak na wasto ang gamit ng pangngalan sa pangungusap, kailangan ang kaalaman sa mga pangngalang pambalana at pantangi, nagagamit ang angkop na pananda, at nauuri ayon sa kasarian.



## Linangin Natin

Ayusin ang mga salita upang mabuo ang wastong diwa ng pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


1. doktor magaling si na Ginoong Reyes ay
2. magbantay maaasahang si Tagpi
3. aking bag Essos ang tatak ng
4. Lungsod Quezon maunlad lugar na ang
5. Pasko Pilipinas Masaya ang sa



## Sulatin Natin

A. May iba't ibang istrok ng pagsulat ng malalaking letra ng alpabeto. Ilan sa mga ito ay **cane letters** gaya ng N, Ñ, NG, M, H, K.

B. Magsanay sumulat ng malalaking **cane letters.**





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Muling basahin ang "Dapat Mong Malaman."



## Sagutin Natin

- Nararanasan mo ba ang mga karapatang binanggit sa diyalogo?
- Ginagawa mo ba ang nabanggit na tungkulin ng mga kabataan sa diyalogo?
- Ano-anong salita sa diyalogo ang di-pamilyar o bagong salita para sa iyo?
- Ano ang iyong ginagawa para malaman ang kahulugan ng di-pamilyar o bagong salita?



## Pahalagahan Natin

Mahalagang maiugnay ang mga salitang di-pamilyar o bagong salita sa ating karanasan upang higit na maunawaan at maging makabuluhan ang pagbibigay ng kahulugan sa salita.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Alamin ang kahulugan ng di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng pagkukuwento ng iyong karanasan na may kaugnayan dito.

| | | |
|---|---|---|
| pagkasilang | tungkulin | handog |
| karapatan | maligaya | |



## Sanayin Natin

Humanap ng kapareha. Pag-usapan ang salitang di-pamilyar at iugnay ito sa sariling karanasan. Iulat sa klase ang napagkasunduang kahulugan.

Gawing gabay ang tanong sa pagtalakay.

1. maalalahanin
   Kailan mo binati ang iyong mga magulang sa kanilang kaarawan?
2. mapagparaya
   Paano ka nagiging mapagparaya?
3. pag-ibig
   Paano mo ipinapakita ang iyong pag- ibig sa iyong mga magulang?
4. maligaya
   Naging maligaya ka ba noong huli mong kaarawan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang mga salitang di-pamilyar o bagong salita ay maaaring matukoy ang kahulugan kung naiuugnay ito sa sariling karanasan.



## Linangin Natin

Ibigay ang kahulugan ng salitang di-pamilyar gamit ang pamatnubay na tanong upang maiugnay ninyo ito sa sariling karanasan.

1. nababahala - ______________________________
   Nababahala ba ang iyong ina kapag ikaw ay may sakit?
2. malinamnam - ______________________________
   Malinamnam ba ang luto ng nanay mo?
3. matayog - ______________________________
   Matayog ba ang iyong pangarap paglaki mo?
4. mapanganib - ______________________________
   Mapanganib ba para sa iyo ang maglaro sa gitna ng kalsada?
5. huwaran - ______________________________
   Paano ka naging huwaran sa iyong mga nakababatang kapatid?

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sulatin Natin

Ang pagsulat ng mga malalaking letra ng alpabeto ay naaayon sa iba't ibang guhit tulad ng pahilig na letra. Ilan sa mga ito ay P, B, R. Sulatin ang mga ito gamit ang modelo.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 6: Pamamasyal Ay Kasiya-siya, Kapag Pamilya ang Kasama



## Subukin Natin

Sagutin ng **Tama** o **Mali** ang bawat tanong.

1. Ang kaliwa, kanan, itaas, at ibaba ba ay pangunahing direksiyon?
2. Salita ba ang mabubuo sa pagsasama-sama ng mga pantig?
3. Ang panandang si at sina ba ay para sa pangngalang pambalana?
4. Ang panandang ni at nina ba ay para sa pangngalang pantangi?
5. Ang talahulugan ba ay bahagi ng aklat?



## Basahin Natin

### Higanteng Ferris Wheel




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

"Wow!" Ang una kong nasabi nang pumasok kami sa tarangkahan ng parke. Ito ang unang beses na pumasyal kami rito. Kasama ko sina Nanay, Tatay, at ang bunso kong kapatid na si Lani.

Kaagad kong niyaya si Tatay na sumakay sa higanteng **ferris wheel**. Gustong-gusto namin ni Lani na sumakay roon.

Lumapit si Tatay sa tagapagbantay para itanong kung nasaan ang **ferris wheel.**

"Lumakad nang diretso. Pagdating sa **roller coaster**, lumiko sa kanan. Lakad uli nang diretso hanggang sa **carousel**. Lumiko sa kaliwa at naroon ang higanteng **ferris wheel**," sabi ng tagapag-bantay.

Nagpasalamat si Tatay. Kapit ang mga kamay namin ni Lani, pinuntahan na namin nina Nanay at Tatay ang **ferris wheel**.

"Wow! Ang ganda at ang laki ng **ferris wheel**," sabay naming sinabi ni Lani.

Bumili si Tatay ng mga tiket para sa aming apat.

Nang umikot na ang **ferris wheel**, kitang-kita ko ang buong parke mula sa itaas. Mas malakas na "Wow!" ang aming nasambit.

DEPED COPY



## Sagutin Natin

- Saan pumasyal ang mag-anak?
- Ano ang gustong-gusto nilang sakyan?
- Paano nila narating ang **ferris wheel**?
- Ano-anong salita ang binilugan sa kuwento?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano kaya ang naramdaman ng mag-anak nang sumakay sa **ferris wheel**?
- Kung ikaw ang papasyal sa parke, ano ang sasakyan mo? Bakit?
- Ikaw, paano kayo nagsasama-sama ng inyong pamilya?



## Pahalagahan Natin

Sabihin kung Palagi mong nagagawa ang pahayag, Minsan kung bihira, at Hindi kung hindi pa. Hintayin ang hudyat ng guro.

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nasasabi ko nang malinaw ang ibinigay kong panuto. | | | |
| 2. Masaya ako kapag nasusunod nila ang ibinigay kong panuto. | | | |
| 3. Inuulit ko ang panuto kapag hindi nila ito nasundan. | | | |
| 4. Nasasabi ko nang may katamtamang lakas ng boses ang mga panuto. | | | |
| 5. Nasasabi ko nang may tiwala sa sarili ang mga panuto. | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin


Tulungan si Tetet na makarating sa paaralan. Gamitin ang mga salitang kanan, kaliwa, at diretso base sa larawan.






## Sanayin Natin

Gamit ang mapa, magbigay ng maikling panuto sa pagbibigay ng direksiyon. Iulat sa klase pagkatapos.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Unang Pangkat – mula bahay patungong simbahan
Ikalawang Pangkat – mula palengke patungong munisipyo
Ikatlong Pangkat – mula bahay patungong palengke
Ikaapat na Pangkat – mula paaralan papuntang parke



## Tandaan Natin

Sa pagbibigay ng maikling panuto, kailangang maging maayos at malinaw ang paglalahad.



## Linangin Natin

Gumawa ng maikling panuto kung papaano ka makakarating sa iyong silid-aralan. Isulat ito sa sagutang papel.



## Basahin Natin

Basahin ang mga salitang hango sa kuwentong "Higanteng **Ferris Wheel**."

| | | |
|---|---|---|
| par - ke | ka - pa - tid | li - kod |
| gi - lid | lu - mi - ko | ka - li - wa |
| ka - may | ni - ya - ya | u - mi - kot |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ipalakpak ang salitang <u>parke</u>. Ilang palakpak ang nagawa mo?
- Ano-anong tunog ang bumubuo sa bawat hati?
- Ano ang tawag natin sa mga pinagsamang tunog?



## Pahalagahan Natin

Pumili sa loob ng kahon ng tamang kilos na dapat isagawa ng bawat kasapi ng pamilya.

| | |
|---|---|
| nag-aaway | nagtutulungan |
| nagtatalo | nagbibigayan |
| may pagkakaisa | gumagawa |
| nakikilahok | nagsisigawan |



## Gawin Natin

Ano ang mabubuong salita?

1. ka – li – wa = ________________________
2. ka – nan = ________________________
3. i – ta – as = ________________________
4. i – ba – ba = ________________________
5. git – na = ________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Ano ang mabubuo mong mga salita gamit ang mga pantig sa loob ng malaking kahon? Isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ka | li | so | ha | rap |
| nan | wa | ret | git | gi |
| i | ba | di | kod | lid |
| as | ko | ta | Na | lu |



## Tandaan Natin

> Mabubuo ang isang salita sa pagsasama-sama ng mga pantig.



## Linangin Natin

Pag-ugnayin ang mga pantig sa Hanay A sa Hanay B upang makabuo ng mga bagong salita.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. wa | a. nan |
| 2. ka | b. kas |
| 3. ta | c. ba |
| 4. iba | d. as |
| 5. gi | e. lid |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

1. Kasama ko sina Nanay, Tatay, at ang bunso kong kapatid na si Lani.
2. Pinuntahan nina Nanay at Tatay ang **ferris wheel**.
3. Bumili si Tatay ng mga tiket para sa aming apat.
4. "Wow!" ang una kong nasabi nang pumasok kami sa **gate** ng parke.



## Sagutin Natin

- Ano-anong salita ang may salungguhit sa pangungusap?
- Ano ang tawag sa mga salitang ito?
- Ano-anong salita ang binilugan sa pangungusap?
- Ano ang tawag sa mga salitang ito?



## Pahalagahan Natin

Mahalaga ang mga pananda sa pangngalan upang malinaw na maihatid ang mensaheng nais ipabatid o sabihin sa kausap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Piliin at isulat ang angkop na pananda sa loob ng panaklong .

1. Humiram ako ng lapis (si, ni, kay) Carmela.
2. Filipino ang pambansang wika (ng, ng mga, nina) Pilipino.
3. Mahaba ang buhok (si, ang, ni) Rosa.
4. (Kay, Kina, Nina) Lolo at Lola ang lumang bahay na iyan.
5. (Sina, Nina, Kina) Mario at Marco ay kambal.



## Sanayin Natin

Hanapin at isulat ang angkop na pananda sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Nagdala ako ng pasalubong para _____ Diana.
2 Nanalo sa patimpalak ng sayaw ____ Conrado at Manuel.
3. Maagang pumasok ____ Edna sa paaralan.
4. Maraming bulaklak ang hardin ____ Irma.
5. Ang mga regalo ay para ____ Donna at Elena.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| si | sina | kay | kina | nina |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **ng/ng mga**, **ang/ang mga** ay ginagamit sa mga pangngalang pambalana samantalang ang **si/sina**, **kay/kina**, **ni/nina** ay pangngalang pantangi.



## Linangin Natin

Isulat ang **Tama** kung angkop na pananda ang ginamit sa pagtukoy ng pangngalan at **Mali** kung hindi angkop.

1. Mahusay sumayaw ang mga mag-aaral.
2. Si Melba at Tina ay matalik na magkaibigan.
3. Ang mag-anak ay masayang namamasyal sa parke.
4. Ang pulang bag na ito ay kina Nilo.
5. Ang mga pinggan ay sabay-sabay na nabasag.




## Sulatin Natin

A. May iba't ibang istrok ng pagsulat ng malalaking letra ng alpabeto. Ilan sa mga ito ay may buntot kagaya ng J, Y, at Z.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



B. Magsanay sumulat ng mga malalaking letra na may buntot.

DEPED



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Basahin ang diyalogo.



Nanay: Bakit kanina ka pa hindi mapakali sa pagkakakupo?

Kiko: Kasi po inay, hindi ko makita ang takdang-aralin na pinapahanap ng guro ko.

Nanay : Ano ba ang iyong takdang-aralin?

Kiko: Mga bahagi po ng aklat.

Nanay: Madali lamang iyan. Anong pahina ba ang sinabi ng iyong guro? Doon ka lamang tumingin anak.

Kiko: Pahina 20 po.

Nanay: Sige at buksan natin. Heto anak, nakikita ko na. **Pabalat** – pinakatakip ng aklat. **Nilalaman** – makikita ang paksa at pahina ng bawat aralin. **Katawan ng Aklat** – makikita ang buong aralin at mga pagsasanay. **Talahulugan o Glossary** – naglalaman

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ng mga kahulugan. **Indeks** – paalpabetong talaan ng mga paksa o nilalaman ng aklat.

Kiko: Salamat, Nanay. Kay bait mo talaga!



## Sagutin Natin

- Bakit hindi mapakali si Kiko?
- Ano ang kaniyang takdang-aralin?
- Paano siya tinulungan ng kaniyang nanay?
- Kung ikaw si Kiko, hihingi ka rin ba ng tulong sa iyong nanay sa paggawa ng takdang aralin?
- Ano-anong bahagi ng aklat ang nabanggit sa diyalogo?
- Bakit mahalaga ang bawat bahagi nito?



## Pahalagahan Natin

Iguhit ang bituin (☆) kung tama ang pamamaraan ng pag-aalaga ng aklat at tatsulok (△) kung mali.

1. Isinasauli ko ang hiniram kong aklat.
2. Ginugupit ko ang larawan ng hiniram kong aklat.
3. Inuupuan ko ang aklat.
4. Ginagamit ko ang aklat sa pagsagot sa mga takdang-aralin.
5. Binabalutan ko ang aklat upang hindi masira.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Sabihin ang bahagi ng aklat kung saan makikita ang halimbawang ipinapakita ng guro. Hanapin sa ibaba ang sagot.

| | |
|---|---|
| Indeks | Talaan ng Nilalaman |
| Pabalat | Talahuluganan o Glossary |
| Katawan ng Aklat | |

1. lumuwa – lumabas
   lungsod – siyudad
2. Aklat sa Pagbasa
3. Ang Pagong at ang Kuneho
   Isang araw...
4. **P**
   Pandiwa, 92
   Panuto , 151
5. Yunit I: Ang Aking Sarili . . . . . . . . 1
   Tunog sa Paligi . . . . . . . . . 3



## Sanayin Natin

Humanap ng kapareha. Kumuha ng isang aklat. Sumulat ng isang halimbawa ng bahagi ng aklat na hinihingi ng bawat bilang.

1. Pabalat ng Aklat___________________________
2. Aralin at Pahina____________________________
3. kuwento ______________________________
4. Salita at Kahulugan__________________________
5. Indeks ________________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang aklat ay may iba't ibang bahagi. Mahalagang makilala ang iba't ibang bahagi ng aklat upang ito ay magamit nang wasto.

1. **Pabalat** – Ito ang matigas na bahagi at pinakatakip o damit ng aklat. Mababasa rito ang pangalan ng aklat, may-akda, at tagapaglimbag.
2. **Talaan ng Nilalaman** – Dito makikita ang pahina ng bawat aralin.
3. **Katawan ng Aklat** – Dito mababasa ang mga aralin at mga pagsasanay.
4. **Talahuluganan o Glossary** – Ito ay talaan ng mga salitang binigyan ng kahulugan.
5. **Indeks** – Ito ang paalpabetong talaan ng mga paksa o nilalaman ng aklat.

DEPED COPY



## Linangin Natin

Piliin sa loob ng panaklong ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Pinakatakip o damit ng aklat
   (Pabalat, Talahuluganan)
2. Mababasa rito ang mga kuwento, aralin, at pagsasanay.
   (Talaan ng Nilalaman, Katawan ng Aklat)




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Dito mababasa ang kahulugan ng mga salitang di maunawaan.
(Talahuluganan, Talaan ng Nilalaman)
4. Dito makikita ang paksang aralin at pahina nito.
(Indeks, Talaan ng Nilalaman)
5. Paalpabetong talaan ng mga paksa
(Pabalat, Indeks)



**Sulatin Natin**

A. May iba't ibang istrok ng pagsulat ng maliliit na letra ng alpabeto. Ilan sa mga letrang ito ay pailalim na kurba gaya ng e, v, x, c, a, o, a, n, m, ñ, at ng.
B. Magsanay sumulat ng mga maliliit na letra na may kurba. Sundan ang modelo sa ibaba.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 7: Sa Oras ng Kagipitan, Pamilya Ay Nandiyan Lang



## Subukin Natin

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ang _____ ng tauhan ay makikilala sa pamamagitan ng kaniyang kilos, mukha, at mga salitang sinasabi.

   a. anyo  b. katangian  c. pangarap

2. Si Mang Ben ay isang mekaniko. Ang mekaniko ay nasa kasariang _____.

   a. panlalaki  c. walang kasarian
   b. pambabae

3. Malakas ang tunog ng trompa. Ang anyo ng pantig na may guhit ay ____.

   a. KP  b. KPK  c. KKPK

4. Tumatagas ang aming gripo kaya malaki ang binayaran ni Inay sa tubig. Ang anyo ng pantig na may guhit ay ____.

   a. KPK  b. KKP  c. KKPK

5. Ang suliranin ay laging may solusyon.

   a. Tama  b. Mali  c. Maaari

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

Pakinggan ang kuwentong ito na babasahin ng iyong guro.

**Kuya Ko Yata Iyan!**



Si Bimbi ay bunsong anak nina Tatay Greg at Nanay Lita. Kahit na malakas siyang kumain ay talaga yatang patpatin ang kaniyang katawan at mga braso.

Isang Sabado, lumabas si Bimbi upang makipaglaro sa kaniyang mga kaklase. Sa harap ng tindahan ng kaniyang ninong, naabutan niyang naglalaro ng patintero sina Boyet, Letlet, Tintin, at Maki. Sumali si Bimbi sa kanilang laro. Noong una, masaya silang naglalaro at nagtatawanan. Dahil nga sa patpatin si Bimbi, madalas nananalo ang grupo niya dahil maliksi ang kaniyang kilos. Hindi ito nagustuhan nina Boyet kaya, "Patpat! Patpat!




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Hanging malakas, si Bimbi iyong ilipad pataas!" sigaw at panunukso nito. Nagtawanan nang malakas sina Letlet at Maki. Hindi nagsalita si Bimbi. Sa halip, siya ay yumuko na lamang at tumahimik. Patuloy pa rin ang malakas na panunukso nina Boyet. "Bimbing patpat, katawan mo'y ililipad, kaya't ikaw ay humawak nang hindi isama ng hangin pataas! Ha!Ha!Ha!"

Maya-maya ay biglang natahimik ang lahat. Nagulat si Boyet sa matipunong kamay na pumatong sa kaniyang balikat. "Kuya? Ku….Kuya! Yehey!" sigaw ni Bimbi. Walang kahit anong salita ang lumabas sa bibig ni Kuya. Isang matalim na tingin lamang ang itinapon nito kay Boyet.

Hiyang-hiya si Boyet sa kaniyang ginawa kaya, "Patawarin, mo ako Bimbi hindi na kita tutuksuhin," sabi ni Boyet. Sabay umuwi ang magkapatid. Habang nasa daan, napasigaw si Bimbi sa harap ng tinderang nakasalubong ng ganito, "Kuya ko yata iyan!"




- Sino ang batang tinutukso sa kuwento?
- Bakit siya tinutukso ni Boyet?
- Ano-anong panunukso ang narinig niya?
- Paano tinanggap ni Bimbi ang panunukso ng mga kalaro?
- Kung ikaw si Bimbi, ipagmamalaki mo rin ba ang iyong kuya? Bakit? Bakit hindi?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

- Ano-anong katangian ng bawat tauhan sa kuwento?
- Paano mo nakilala o nasabi ang katangian ng mga tauhan sa kuwento?



## Pahalagahan Natin

Sa oras ng kagipitan at pangangailangan, may pamilyang tutulong at magtatanggol sa atin.




## Gawin Natin

Piliin ang katangian ng sumusunod na tauhan ayon sa kanilang sinasabi.

1. 

Inay, ako na po ang magwawalis sa buong sala. Kayang-kaya ko iyon!

a. mahusay   b. masipag   c. matapat

2. 


Inay, kawawa naman po ang matanda. Maaari po ba natin siyang bigyan ng pagkain?

a. maawain   b. maramot   c. masungit

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. 

Ma'am, may nakita po akong pitaka sa ilalim ng mesa. Ito po. Baka hinahanap na po ito ng may-ari.

a. maawain b. malinis c. matapat

## Sanayin Natin

Batay sa kuwentong "Kuya Ko Yata Iyan!" itala at ilarawan ang tatlong tauhan.

## Tandaan Natin

Makilala ang katangian ng mga tauhan sa kuwento sa pamamagitan ng kilos, mukha, at mga salitang sinabi.

## Linangin Natin

Piliin ang letra ng wastong katangian ng tauhan sa bawat sitwasyon.

1. Araw-araw, maagang gumigising si Nanay Belen. Nagluluto siya ng agahan. Pagkatapos ay ihahatid sa eskuwelahan ang mga anak.
   a. masinop c. matatag
   b. masipag d. mapagbigay

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Palagi na lang nakasigaw si Lito sa kaniyang mga kapatid. Walang araw na hindi mainit ang kaniyang ulo kahit wala namang kadahi-dahilan.
   a. magagalitin     c. masipag
   b. mahinahon     d. matipid
3. Araw-araw ay may perang natitira si Lulu mula sa baong ibinibigay ng kaniyang tatay. Hindi niya ito basta ginagastos sa bagay na walang halaga.
   a. maaasahan     c. malakas
   b. mahusay     d. matipid
4. Palagi na lang may problema ang pamilya ni Susan. Kailan lang ay nawalan ng trabaho ang kaniyang ama. Sumunod naman ay nagkasakit ang bunso sa magkakapatid. Ngunit kahit nagkaganito, buo pa rin, nagmamahalan, at nagtutulungan ang buong pamilya.
   a. matipid     c. masinop
   b. matatag     d. masayahin
5. "Umalis  ka nga sa tabi ko!
   Madungis at mabahong bata!"
   a. matapat     c. matapobre
   b. mahinahon     d. mapagbigay

DEPED COPY



## Basahin Natin

Basahin ang mga salitang mula sa kuwentong "Kuya Ko Yata Iyan!"



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Nanay malakas braso patpat
kaklase patintero preso halip
grupo hangin tingin sabay



## Sagutin Natin

- Ilang pantig mayroon ang mga salita sa itaas? Pantigin ang bawat salita.
- Ano-anong pantig ang may salungguhit?
- Ibigay ang letra ng bawat pantig na may salungguhit.
- Anong kombinasyon ng katinig at patinig ang inyong nabuo sa pantig na may guhit sa salitang patpat? preso?



## Pahalagahan Natin

Sa bawat pangungusap iguhit sa papel ang masayang mukha (☺) kung wasto ang gawain at malungkot na mukha (☹) naman kung hindi.

1. Sumali sa paglalaro sa mga kaklase upang matutong makisama.
2. Tuksuhin ang isang tao dahil sa kaniyang panlabas na anyo.
3. Huwag na lang kumibo kapag inaaway o tinutukso dahil maaaring may ibang gumawa ng pagtatanggol para sa iyo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Isulat ang KPK, KKP, o KKPK ayon sa pantig o salita na may salungguhit sa pangalan ng bawat larawan.




<u>kra</u>yola




hi<u>pon</u>



<u>trum</u>peta



ma<u>dre</u>



ngi<u>pin</u>



## Sanayin Natin

Sabihin ang anyo ng pantig na may salungguhit.

1. Nadumihan ang damit ko ng <u>dag</u>ta ng saging.
2. Malamig ang <u>kli</u>ma sa Tagaytay.
3. Nahulog ang <u>plan</u>tsa kaya nasira ito.
4. Si ate ay natusok ng tinik ng bulak<u>lak</u> na rosas.
5. Ma<u>krema</u> ang salad na ginawa ng nanay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

May iba't ibang anyo ang pantig tulad ng:

**KPK** - binubuo ng katinig, patinig, at katinig
**KKP** - binubuo ng katinig, katinig, at patinig
**KKPK** - binubuo ng katinig, katinig, patinig, at katinig



## Linangin Natin

Isulat sa sagutang papel ang KPK, KKP, o KKPK ayon sa pantig o salita na may salungguhit.

| | |
|---|---|
| <u>tru</u>mpeta | i<u>gru</u>po |
| ma<u>tra</u>pik | <u>bag</u> |
| prins<u>esa</u> | suk<u>lay</u> |



## Basahin Natin

Basahin ang mga pangungusap mula sa kuwentong "Kuya Ko Yata Iyan."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. Si Bimbi ay bunsong anak nina Tatay Greg at Nanay Lita.
2. Sa harap ng tindahan ng kaniyang ninong, naabutan niyang naglalaro ng patintero sina Boyet, Letlet, Tintin, at Maki.
3. “Kuya? Ku….Kuya! Yehey!” sigaw ni Bimbi.
4. Hiyang-hiya si Boyet sa kaniyang ginawa kaya “Patawarin mo ako Bimbi, hindi na kita tutuksuhin,” sabi niya.
5. Habang nasa daan, napasigaw si Bimbi sa harap ng tinderang nakasalubong ng ganito, “Kuya ko yata iyan!”



**Sagutin Natin**

- Sino ang bunsong anak sa kuwento?
- Saan naglalaro ang mga bata?
- Sino-sino ang naging kalaro ni Bimbi?
- Sino ang nakasalubong nina Bimbi?
- Alin sa mga sagot ang pangngalan na panlalaki? Pambabae?



**Pahalagahan Natin**

Sabihin ang inyong damdamin sa pahayag na:

| Kuya ko yata iyan! |
| --- |


DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawin Natin

Sabihin ang kasarian ng nasa larawan.





## Sanayin Natin

Tukuyin ang kasarian ng mga salita na nasa talaan.

| Pangngalan | Kasarian |
|---|---|
| barbero | panlalaki |
| Benigno S. Aquino III | |
| Liza Martin | |
| bumbero | |
| tiya | |
| lolo | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

May kasarian ang mga pangngalan.

Kasariang **pambabae** ang isang pangngalan kung ito ay tumutukoy sa mga katawagang pambabae gaya ng nanay, ate, manang, lola, reyna, at iba pa.

Kasariang **panlalaki** naman ang pangngalan kung ito ay tumutukoy sa mga katawagang panlalaki gaya ng totoy, kuya, tiyo, ninong, hari, at iba pa.

DEPED COPY



## Linangin Natin

Isulat sa sagutang papel ang **PB** kung ang salita ay nasa kasariang pambabae at **PL** kung panlalaki.

1. ate
2. binata
3. dalaga
4. kumpare
5. tiyo



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Basahin Natin

## Nagmamadali si Sara



Tanghali na nang magising si Sara. Nagmamadali siya sa paggayak sa pagpasok sa paaralan. Kaunti na lamang ang kaniyang kinain sa almusal. Nang sumakay siya sa traysikel, nakalimutan na niyang hingin ang sukli. Pagdating sa paaralan, nahihiyang pumasok si Sara sa silid-aralan. Pinagsabihan siya ng guro na pumasok nang maaga.

Tapos na ang klase ni Sara. Pauwi na siya nang mapansing nawawala ang kaniyang perang pamasahe sa traysikel. Hinanap niya ito sa loob ng bag. Kinapa rin niya ang mga bulsa ng bag maging ang bulsa ng kaniyang palda. Hindi niya ito mahanap. Kinabahan na si Sara. Hindi niya alam kung paano siya uuwi.

Naisip niyang lumapit sa kaniyang guro. Sinabi niya ang kaniyang problema. Binigyan siya ng kaniyang guro ng pamasahe sa pangakong ibabalik ito kinabukasan. Laking pasasalamat ni Sara sa kaniyang guro.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Sagutin Natin

- Bakit nagmamadali si Sara sa pagpasok?
- Ano-ano ang naging resulta ng kaniyang pagmamadali?
- Kailan niya nalamang nawawala ang kaniyang pamasahe?
- Paano siya nakauwi?
- Tutularan mo rin ba si Sara?



## Pahalagahan Natin

Ilagay sa sagutang papel ang tsek (✓) kung tama ang gawain at ekis (×) naman kung hindi.

1. Mag-isip ng magiging solusyon sa suliranin.
2. Umiyak at magmukmok sa kuwarto.
3. Sabihin sa mga magulang upang matulungan.
4. Isipin na laging may solusyon ang lahat ng suliranin.
5. Hayaan na lamang na hindi masolusyunan ang problema.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Basahin ang sitwasyon at ibigay ang mungkahing solusyon.

Pagtatanim sa bakuran ang pinagkaabalahan ng pamilya ni Mang Roy. Namumunga na ang kanilang mga tanim na gulay. Isang umaga, nagising sila na putol-putol ang puno ng mga gulay. Nakawala pala ang kambing ng kapitbahay. Kaylaki ng kanilang panghihinayang sa mga tanim na nasayang.



## Sanayin Natin

Ano ang maimumungkahi mong solusyon sa sitwasyong nabasa?



## Tandaan Natin

Ang nakikinig o nagbabasa ng kuwento ay maaaring magmungkahi ng kaniyang solusyon sa suliraning narinig o nabasa batay sa pagkaunawa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin


Isulat ang iyong mungkahing solusyon sa sitwasyong nasa ibaba.

May takdang aralin si Rosa tungkol sa pagguhit. Hindi niya alam kung paano ito gagawin. Kinabukasan na ito ipapasa.



## Sulatin Natin

Isulat ang maliliit na letra na i, u, w, s, at r sa kuwaderno. Sundan ang mga bilang kung paano isinusulat ang bawat letra.



COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 8: Aalagaan Ko, mga Magulang Ko

## Subukin Natin

Sagutin ng **Oo** o **Hindi** ang bawat tanong.

1. Ang mga gamit ba ay di-tiyak ang kasarian?
2. Ang masaya ba ay kasalungat ng malungkot?
3. Ang guro ba ay pangngalang pambabae?
4. Ang salitang platito ay tama ba ang pagkakabaybay?
5. Ang pagsunod ba sa panuto ay isang paraan upang makaiwas sa anumang pagkakamali?

## Basahin Natin

### May Sakit si Ina



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Mabait at masipag na bata si Trina. Lagi siyang tumututulong sa mga gawaing bahay.

Isang araw, nagising si Trina na may sakit ang kaniyang ina. Maaga pa nang pumunta sa trabaho ang kaniyang ama. Inutusan siya ng ina na bumili ng gamot. Dali-dali naman siyang sumunod. Alalang-alala si Trina. Naisip niyang ipagluto ang kaniyang ina ngunit hindi siya marunong.

"Inay, ipagluluto ko po kayo ng lugaw. Ituro po ninyo sa akin kung paano," pakiusap ni Trina.

"Naku, maraming salamat, anak," sabi ng kaniyang ina.

"Makinig kang mabuti. Una, maglagay ka ng kalahating takal ng bigas sa kaldero. Sunod naman ay hugasan mo ang bigas. Pagkatapos ay lagyan mo ito ng tatlong basong tubig para sa sabaw. Isalang mo sa kalan at hintaying kumulo. Hayaan mong kumulo nang sampung minuto. Panghuli, timplahan mo ng asin kapag luto na," sabi ng ina.

"Madali lang pala. Hayaan po ninyo, susundin ko nang maayos ang inyong sinabi," masayang sabi ni Trina. Masayang pinanood ng nanay si Trina habang abala sa pagluluto.

"Maaasahan talaga si Trina," bulong ng ina.

DEPED COPY




- Anong uri ng bata si Trina?
- Ano ang nangyari sa kaniyang ina?
- Paano niya ipinakita ang pagmamahal sa kaniyang ina?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Sa palagay mo, masusundan ba ni Trina ang panuto na ibinigay ng kaniyang ina?
- Ano kaya ang nararamdaman ng ina ni Trina sa ipinakita nitong pagmamalasakit sa kaniya?
- Ikaw, paano mo ipapakita ang pagmamahal mo sa iyong ina?



## Pahalagahan Natin

Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung wasto ang ipinapakita na pagmamahal sa mga magulang at **Mali** kung hindi wasto.

1. Ipinagluluto ko si Ina kapag may sakit.
2. Tumutulong ako sa mga gawaing bahay upang mabawasan ang gawain ni Ina.
3. Umuuwi ako nang maaga para hindi mag-alala sina Nanay at Tatay.
4. Hindi ako nag-iingay kapag may sakit si ina.
5. Ako muna ang nag-aalaga sa aking kapatid kapag may sakit si Ina.



## Gawin Natin

Ayusin ang mga panuto sa pagluluto ng lugaw. Isulat sa sagutang papel ang mga pangungusap ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

a. Hugasan ang bigas.
b. Maglagay ng kalahating takal ng bigas sa kaldero.
c. Timplahan ng asin kapag luto na.
d. Isalang sa kalan at hintaying kumulo.
e. Lagyan ng tatlong basong tubig para sa sabaw.



## Sanayin Natin

Hintayin ang hudyat ng guro sa paggawa.

Unang Pangkat – Gumuhit ng isang malaking araw. Sa bawat dulo ng sinag ng araw, isulat ang pangalan ng bawat miyembro ng pangkat.

Ikalawang Pangkat – Gumuhit ng pitong malalaking linyang pakurba. Kulayan ito ng pula, kahel, dilaw, berde, asul, indigo, at lila upang makabuo ng bahaghari. Lagyan ng ulap ang magkabilang dulo ng bahaghari.

Ikatlong Pangkat – Gumawa ng isang tuwid na pila mula sa pinakamaliit na miyembro hanggang sa pinakamalaki. Ipatong ang kamay sa balikat ng kaklaseng nauuna sa iyo.

Ikaapat na Pangkat – Maghawak-kamay at bumuo ng pabilog na posisyon. Awitin ang "Bahay Kubo" sa saliw ng palakpak.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Isang mahalagang kasanayan at katangian na dapat mong matutuhan ay ang pagsunod sa panuto. Ito ay mahalaga upang maiwasan ang anumang pagkakamali at maging madali ang paggawa ng mga bagay-bagay.

Narito ang ilang paraan sa pagsunod sa panuto.

- Makinig at intindihin ang ibinibigay na panuto.
- Magtanong kung may hindi nauunawaan.
- Gawin nang maingat ang bawat hakbang na mga gawain at ayon sa pagkakasunod-sunod sa panuto.

DEPED COPY

## Linangin Natin

Basahin at sundin ang isinasaad sa panuto.

1. Gumuhit ng isang puno. Isulat sa mga dahon ng puno ang pangalan ng bawat miyembro ng iyong pamilya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Isulat ang buong pangalan sa loob ng kahon. Bilangin ang mga letra at isulat ang bilang sa ibaba ng kahon.
3. Gumuhit ng dalawang bundok. Sa pagitan ng dalawang bundok ay gumuhit ng araw.
4. Iguhit ang paborito mong prutas. Kulayan ito.
5. Isulat ang pangalan ng iyong guro. Gumuhit ng bituin sa kanan at sa kaliwa ng kaniyang pangalan.



**Basahin Natin**

Basahin ang mga salitang hango sa kuwentong "May Sakit si Ina."

| | | | |
|---|---|---|---|
| sakit | Trina | gamot | trabaho |
| araw | Inay | bigas | kaldero |



**Sagutin Natin**

- Alin sa mga salita sa itaas ang may KPK na anyo ng pantig?
- Alin naman sa mga salita sa itaas ang may KKP na anyo?



**Pahalagahan Natin**

Sagutin ang sumusunod sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) sa hanay ng iyong sagot.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nakikinig akong mabuti kapag may nagsasalita. | | | |
| 2. Inuunawa ko ang sinasabi ng nagsasalita. | | | |
| 3. Nagtatanong ako kapag hindi ko nauunawaan ang sinasabi ng nagsasalita. | | | |
| 4. Natutuwa ako kapag nauunawaan ko kaagad ang sinasabi ng nagsasalita. | | | |
| 5. Pinagsasabihan ko ang nag-iingay habang may nagsasalita. | | | |

DEPED COPY



## Gawin Natin

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na salita.

1. kuryente
2. karnabal
3. prito
4. drama
5. klase



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na salita na may KPK at KKP na anyo upang mabuo ang mga pangungusap.

1. Isang __________ ang layo ng bahay namin sa paaralan.
2. May pagtitipong ginaganap ngayon sa ______ ng barangay.
3. Mabigat ang daloy ng _________ sa lansangan.
4. Nagbigay ako ng _________ sa pulubi.
5. Malalaki ang tanim na _______ ni Mang Nardo.

| | | |
|---|---|---|
| bloke | araw | plasa |
| barya | trapiko | pakwan |



## Tandaan Natin

Ang **pangungusap** ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga salita at parirala. Ito ay may kumpletong diwa.



## Linangin Natin

Ayusin ang mga salita upang mabuo ang pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. lumang bisikleta ang ni Kuya ay sira na
2. matalinong ay si Lando bata
3. ang sabon natunaw na
4. ang bayabas masarap na prutas
5. malusog ay laging masigla ang batang



**Basahin Natin**

## Ang Kambal




Sina Dindo at Dante ay kambal ngunit magkaiba ang kanilang ugali. Mabait at masayahin si Dindo samantalang si Dante naman ay matampuhin.

Malapit na ang kanilang kaarawan. Humiling si Dante ng regalo sa ama.

"Itay, gusto ko po ng robot na laruan sa aking kaarawan," sabi ni Dante.

"Naku, anak, wala akong sapat na pera para ibili ka ng ganoon. Mamasyal na lang tayo at kumain sa labas," sagot ng ama.

"Opo, Itay, maganda iyon," sang-ayon ni Dindo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sumama ang loob ni Dante dahil sa sinabi ng ama. Naging malungkutin si Dante hanggang sa dumating ang araw ng kanilang kaarawan.

"Huwag ka nang malungkot, Dante," pang-aalo ni Dindo. Narito na ang regalong gusto mo. Ibinili kita galing sa naipon kong pera."



## Sagutin Natin

- Ano ang pagkakaiba ng kambal?
- Bakit sumama ang loob ni Dante sa ama? Tama ba ito?
- Ano kaya ang naramdaman ni Dante nang bigyan siya ng regalo ng kakambal?
- Kung ikaw si Dindo, bibigyan mo ba ng regalo ang iyong kapatid?
- Sino sa kambal ang gusto mo? Bakit?
- Kung ikaw ang may kaarawan, hihiling ka rin ba ng regalo sa iyong mga magulang? Bakit? Ano ang hihilingin mo?



## Pahalagahan Natin

Iguhit ang bituin (☆) sa iyong sagutang papel kung dapat gawin ang isinasaad sa pangungusap at buwan (☾) kung hindi.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. Isinasali ko sa aking paglalaro ang aking kapatid.
2. Inaaway ko ang mas nakababata kong kapatid.
3. Sinusunod ko ang utos nina Ate at Kuya.
4. Tumutulong ako sa mga gawain sa bahay.
5. Hinahati ko nang tama ang pasalubong ni Tatay para sa aming magkakapatid.



## Gawin Natin

Isulat sa sagutang papel kung di-tiyak o walang kasarian ang mga pangngalan.

1. aparador
2. bintana
3. mamimili
4. manggagamot
5. manunulat



## Sanayin Natin

Sabihin ang kasarian ng sumusunod na pangngalan. Isulat sa iyong sagutang papel ang **WK** kung walang kasarian at **DT** kung di-tiyak.

1. bisita
2. guro
3. kaklase
4. lapis
5. puno

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang pangngalan ay nakikilala rin ayon sa iba't ibang kasarian. **Di-tiyak** ang **kasarian** kung di matukoy kung pambabae o panlalaki ang ngalan.

Ang **walang kasarian** naman ay mga pangngalang tumutukoy sa bagay, pook, o pangyayari.

DEPED COPY



## Linangin Natin

Tukuyin ang naiiba sa pangkat. Isulat sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | aklat | mag-aaral | silid | papel |
| 2. | dalaga | sanggol | tiya | nanay |
| 3. | gusali | karpintero | kahoy | haligi |
| 4. | pari | senador | mesa | tiyo |
| 5. | piloto | barko | pasahero | kaibigan |



## Basahin Natin

Basahin muli ang kuwentong "Ang Kambal."



## Sagutin Natin

- Ano ang mga salitang may salungguhit sa kuwentong binasa?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Paano binaybay ang mga salita?
- Tama ba ang pagkakabaybay nito?

## Pahalagahan Natin

Sabihin kung paano iwawasto ang mga maling gawi sa loob ng silid-aralan.

1. Itinatapon ko ang aking kalat sa sahig.
2. Tinatapakan ko ang mga upuan at mesa.
3. Ginagamit kong pambura ang aking laway.
4. Sinusulatan ko ang mga mesa at dingding ng silid-aralan.
5. Idinidikit ko ang **bubble gum** sa ilalim ng mesa at upuan.

## Gawin Natin

Basahin at hanapin ang salitang nagpamali sa pangungusap. Isulat ang tamang pangungusap sa sagutang papel.

1. Antigo ang plurera sa mesa.
2. Tumaas na naman ang prisyo ng bilihin.
3. Maraming toroso ang tinangay ng baha.
4. Ang poroblema sa basura ay mababawasan kung magtutulungan.
5. Mabigat ang daloy ng trapiko sa kalasda.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Hanapin sa kahon ang wastong baybay ng mga salitang mali ang pagkakabaybay sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| bloke | blusa | dragon |
| plorera | preso | produkto |

1. Nakalaya na ang presu sa kulungan.
2. Nasa ibabaw ng mesa ang makulay na plurira.
3. Dalawang bluke ang layo ng sunog sa aming bahay.
4. Totoo bang may dragun sa Pilipinas?
5. Pinya ang prudukto ng Bukidnon?



## Tandaan Natin

Ang mga salitang mali ang pagkakabaybay ay matutukoy sa pamamagitan ng mga tunog na bumubuo sa isang salita.



## Linangin Natin

Isulat ang mga salitang mali ang baybay.

1. Mahal ang kuwentas na ginto.
2. Gamitin mong pangkulay ang krayula.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Ang kuwartu ko ay malaki.
4. Kumakain ka ba ng protas?
5. May goroto sila sa hardin.




A. Pag-aralang sulatin ang mga letra na l, t, h, k, b, at d sa pamamagitan ng pagsunod sa mga bilang ng pagkakasulat ng bawat letra.

B. Magsanay sumulat ng mga maliliit na letra.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 9: Bilin ng Magulang, Laging Tatandaan




Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa damdaming nadarama ng isang taong nagbabasa?
   a. reaksyon  b. solusyon  c. wakas

2. Ilan ang kailanan ng pangngalan?
   a. 2  b. 3  c. 4

3. Ang magkakapitbahay ay nasa anong kailanan ng pangngalan?
   a. isahan  b. dalawahan  c. maramihan

4. Alin sa mga pangungusap ang may gamit ng salitang binubuo ng KKPK?
   a. Ang kalabaw ay masipag na hayop.
   b. Masarap ang bayabas na kinain namin.
   c. Ang mga produktong saging ay isinakay sa trak upang dalhin sa bayan.

5. Ang mambabasa ay maaaring magbigay ng sariling wakas sa kuwentong binasa.
   a. tama  b. mali  c. wala sa pagpipilian

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

# Ang Bilin ni Ina



Tuwing Sabado tinutulungan ko ang aking nanay sa pagtitinda ng ulam. Masarap siyang magluto kaya dinarayo kami ng mga tao sa aming maliit na dampa. Si Tatay naman ay drayber ng trak.

Isang araw, inutusan ako ng nanay na bumili sa pamilihan. "Kris, bumili ka ng tatlong kilong kamatis," sabi niya. "Opo, Inay. Uubusin ko lang po itong iniinom kong gatas."

"Ilagay mo ang pera sa bulsa mo at maraming tao sa pamilihan," bilin ng nanay. "Hawakan ko na lang itong pera," bulong ko sa sarili.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bitbit ang maliit na timba, sumakay ako sa dyip. Pagdating sa tindahan, nagulat ako at wala na sa kamay ko ang pera. Kumabog ang aking dibdib kaya binalikan ko ang kalsadang aking dinaanan kanina. Ngunit hindi ko nakita ang pera.

Maya-maya'y dumating sina Brando at Brenda. Ikinuwento ko sa kanila ang pangyayari. Bigla silang nagtawanan. "Ikaw talaga Kris, ayan nasa timba mo lang ang pera," sabi ni Brenda. "Oo nga. Sa susunod susundin ko na ang bilin ni Nanay na ilagay ang pera sa bulsa," nakangiting wika ko.



## Sagutin Natin

- Sino ang mga tauhan sa kuwento?
- Ano ang ipinabili ng nanay kay Kris?
- Ano ang nangyari sa pera na dala ni Kris?
- Tutularan mo ba si Kris? Bakit? Bakit hindi?
- Ano ang mararamdaman mo kung hindi mo makita ang pera na ibinigay sa iyo ng iyong nanay?



## Pahalagahan Natin

Ang pagsunod sa bilin ng magulang ay dapat ugaliin. Pagiging masunurin ay laging isipin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Piliin ang angkop na reaksyon sa bawat sitwasyon. Piliin ang hugis na katapat ng iyong sagot.

1. Inutusan si Kris ng kaniyang nanay na bumili ng sampalok pero uubusin daw muna niya ang iniinom na gatas.
   △ Dapat bumili muna siya ng sampalok bago ubusin ang gatas.
   ◯ Tama lang na ubusin muna niya ang iniinom na gatas bago bumili ng sampalok.

2. Pinaalalahan ng nanay si Kris na ilagay ang pera sa bulsa niya dahil maraming tao sa pamilihan.
   △ Para sa akin, hindi na dapat paalalahanan si Kris dahil malaki na siya.
   ◯ Sa tingin ko, kailangan pa ring paalalahanan si Kris dahil gusto ng kaniyang ina na mag-iingat siya sa pamilihan.

3. Pinagtawanan ng magkaibigang Brando at Brenda si Kris dahil sa kaniyang pagkalito.
   △ Hindi dapat pagtawanan ang taong nalilito.
   ◯ Tama lang ang nangyari kay Kris dahil hindi siya sumunod sa kaniyang nanay.

4. Napag-isip isip ni Kris na dapat sundin ang bilin ng ina sa susunod nitong ipag-uutos.
   △ Dapat lang dahil mali naman talaga ang ginawa niyang hindi pagsunod sa kaniyang ina.
   ◯ Lahat ng utos ay hindi dapat sundin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Basahin ang talata. Ibigay ang reaksiyon tungkol dito.

Umaga na, tulog pa rin si Ramon. Napuyat siya sa paggawa ng proyekto para sa asignaturang Filipino. Nakahanda na ang lahat ng mga gamit niya sa pagpasok. Pinuntahan siya ng kaniyang nanay sa silid upang gisingin. Dali-daling bumangon si Ramon at nag-umpisang mag-asikaso ng sarili.



## Tandaan Natin

Ang pagbibigay ng reaksyon sa isang teksto o sitwasyon ay nakasalalay sa damdaming nadarama ng nagbabasa.



## Linangin Natin

Ano ang angkop na reaksyon sa sumusunod na sitwasyon? Isulat ang letra ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Ikaw ang napiling sumali sa patimpalak sa pagguhit. Alam mong may mas magaling pa sa iyo sa pagguhit.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

a. Sasali pa rin ako dahil ako ang napili.
b. Sasabihin ko sa guro na may isa kaming kaklase na mas magaling sa akin sa pagguhit.

2. Nanonood ka ng paborito mong palabas sa telebisyon nang dumating ang iyong tatay at hiniling na ilipat ang estasyon sa basketbol.
   a. Pagbibigyan ko ang tatay na ilipat ang estasyon sa palabas na basketbol.
   b. Sasabihin ko sa tatay na maghintay na matapos ako sa panonood bago ko ilipat ang estasyon.
3. Nais mong sumama sa pamimili ng iyong nanay ngunit pinagbabantay ka sa nakababata mong kapatid.
   a. Aalagaan ko na lang si bunso.
   b. Isasama ko na lang si bunso sa palengke.
4. Nakatanggap ka ng regalo na laruang kotse pero mas gusto mo ay laruang eroplano.
   a. Paglalaruan ko na lang ang laruang kotse.
   b. Ibibigay ko ito sa kuya ko dahil paborito niya ang laruang kotse.
5. Mabait at matalinong bata si Lito. Paminsan-minsan binibigyan niya ng baon niyang tinapay ang kaniyang kaklase na si Ramon.
   a. Hihintayin kong manghingi sa akin ang kaklase kong walang baon.
   b. Bibigyan ko rin ng pagkain ang kaklase kong walang baon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong "Ang Bilin ni Ina."



## Sagutin Natin

- Ano-anong salita sa kuwento ang may salungguhit?
- Sabihin ang unang pantig ng mga salitang may salungguhit.
- Ano-anong letra ang bumubuo sa salitang drayber? Trak? Kris? Dyip?



## Pahalagahan Natin

Sumunod sa mga bilin ng magulang.



## Gawin Natin

Ayusin ang mga salita upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. ang drayber tatay ko ay
2. trak naghakot ng basura ang
3. Kris si isang magandang ay babae
4. napuno ang dram ng tubig
5. ibinigay na premyo malaki ang



## Sanayin Natin

Gamitin sa pangungusap.

1. plantsa
2. dyip
3. krus
4. trumpeta
5. prinsipe
6. premyo
7. Glenda
8. brilyante
9. grado
10. presyo



## Tandaan Natin

Ang **pangungusap** ay nabubuo ng pinagsama-samang salita at parirala. Nagsisimula ito sa malaking letra at kadalasan ay nagtatapos sa tuldok.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Piliin sa loob ng kahon ang wastong salita upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nanalo ako sa patimpalak sa pagguhit kaya binigyan ako ng _______________.
2. Tumaas ang ___________ ng mga gulay dulot ng bagyong Pablo.
3. Ang paborito kong instrumento ay ____.
4. Sumakay kami ng ___ papuntang paaralan.
5. Ang tawag sa anak ng reyna ay ____________.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| dyip | plawta | premyo | presyo | prinsesa |



## Basahin Natin

Basahin ang mga salita.

| A<br>Isahan | B<br>Dalawahan | C<br>Maramihan |
|---|---|---|
| kaklase<br>ang guro<br>kaibigan | magkaklase<br>dalawang guro<br>magkaibigan | magkakaklase<br>mga guro<br>magkakaibigan |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ilan ang tinutukoy sa pangkat A? Pangkat B? Pangkat C?
- Anong mga pagbabago ng salita ang napansin mula sa hanay ng isahan hanggang sa hanay ng maramihan?



## Pahalagahan Natin

Nakatutulong ang pakikinig nang mabuti upang higit na matuto.



## Gawin Natin

Piliin ang pangngalang tumutugon sa kailanan na nasa loob ng panaklong.

(dalawahan) 1. Ang magkaibigan ay magkatulong sa pagtapon ng basura.
(maramihan) 2. Magalang na tinanggap ng mga tao ang bisita.
(isahan) 3. Ang bata ay matiyagang nag-ayos ng mga nakakalat na aklat.
(maramihan) 4. Ang manika ni Vina ay pinaglaruan ng magkakapatid.
(dalawahan) 5. Pinuri ni Gng. Aligante ang magka-pareha sa mahusay nilang pag-uulat.

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Isulat sa sagutang papel ang **I** kung ang pangngalang may salungguhit ay isahan, **D** kung dalawahan, at **M** kung maramihan.

1. Ang magkaklase ay parehong nanalo sa patimpalak.
2. Sama-samang nag-aaral ang magkakaibigan.
3. Nagdala si Kuya ng tatlong manggang hinog.
4. Si Beny ba ang inyong pinuno?
5. Ang mag-ate ay masayang naligo sa ilog.



## Tandaan Natin

May tatlong kailanan ang pangngalan.
Isahan – iisa ang tinutukoy
Dalawahan – dalawa ang tinutukoy
Maramihan – tatlo o higit pa ang tinutukoy



## Linangin Natin

Isulat ang bilang **1** kung isahan ang kailanan ng pangngalan, **2** kung dalawahan, at **3** kung maramihan ang may salungguhit.

1. Pupunta ang magkapatid sa paaralan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Dala ng magkakalaro ang kanilang bola.
3. Kakausapin ng magkaklase si Gng. Barez tungkol sa kanilang proyekto.
4. Ang mga tao ay naghihintay ng pagtigil ng ulan.
5. Ang kambal ay magkapareho ng suot o damit.



**Basahin Natin**

## Ang Pangarap ni Ernesto



Sa makitid na kalsada ng Bagong Silang kadalasang makikita si Ernesto.

Si Ernesto ay galing sa mahirap na pamilya. Siya ay panganay na anak nina Ginoo at Ginang Enrico Rosal. Dahil sa kahirapan, madalas siyang lumiliban sa klase dahil wala siyang baon at kulang ang kaniyang gamit pampaaralan.

Hindi na lingid kay Ernesto ang kahirapan kaya naman natuto na siyang tumulong sa pag-hahanapbuhay. Pagtitinda ng pandesal sa umaga at pangongolekta ng basura ang kaniyang ginawa. Ang kaniyang kinikita ay inihuhulog niya sa alkansiya.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Inilalaan niya ito para sa susunod na pasukan ay makabili siya ng gamit pampaaralan. Pangarap ni Ernesto na makatapos ng pag-aaral at maging isang pulis.



## Sagutin Natin

- Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
- Anong klaseng bata si Ernesto?
- Ano ang ginagawa niya upang maabot ang pangarap?
- Kung ikaw si Ernesto, ganoon din ba ang gagawin mo? Bakit?
- Ano ang ginagawa mo para matupad ang sariling pangarap?



## Pahalagahan Natin

Sipag at tiyaga ang susi sa pagtupad ng mga pangarap sa buhay.



## Gawin Natin

Kung ikaw ang magbibigay ng wakas sa kuwento, paano mo ito wawakasan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Bigyan ng sariling wakas ang sumusunod. Gawin sa sagutang papel.

1. Dahil sa kahirapan, madalas lumiliban sa klase si Ernesto.
2. Natuto si Ernesto na tumulong sa paghahanapbuhay.
3. Maraming naipong pera si Ernesto sa alkansiya.
4. Nakapag-aral na muli si Ernesto.
5. Masipag mag-aral si Ernesto.



## Tandaan Natin

> Ang **wakas** ng kuwento ay nakabatay sa mga pangyayari sa kuwentong nabasa o napakinggan.



## Linangin Natin

Basahin ang kuwento at bigyan ng wakas.

Tuwang-tuwang si Morela sa kaniyang mga laruan. Iniingatan niya ito palagi. Upang hindi mawala o masira, ibinabalik niya ito sa tamang lalagyan pagkatapos maglaro. Isang araw, nagmamadali

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

siya. Pupunta ang mag-anak nila sa kaniyang lolo at lola na nasa Pampanga. Nakalimutan niyang iligpit ang laruan.



## Sulatin Natin

Isulat sa kabit-kabit na paraan ang mga maliliit na letra na nasa modelo.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.